ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ESTRATEHIYA NG GURO SA PAGTUTURO NG MALIKHAING PAGSULAT SA MGA SPECIAL PROGRAM IN THE ARTS: ISANG MULTIPLE CASE NA PAG-AARAL

**Emily A. Sablas[1], Dr. Marsan dela Salde[2]**
[1]*Teacher II, Tugbok National High School*
[2]*Part-Time Professor, University of the Immaculate Conception*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24402
**DOI No: 10.36713/epra24402**

## ABSTRAK

*Ang kuwalitatibong multiple case na pananaliksik na ito ay naglalayong ilarawan ng mga karanasan at pamamaraan ng mga guro sa Filipino sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral. Gamit ang maximum variation sampling, limang guro mula sa limang dibisyon sa iba't ibang paaralan ang naging kalahok, at ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng malalimang panayam na pinagtibay ng trayanggulasyon mula sa iba pang kaugnay na impormante. Mula sa cross-case na pagsusuri, lumitaw ang sumusunod na tema hinggil sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral: malikhain at magkaibang estratehiya, mga hamon sa kasanayan at motibasyon ng mag-aaral, papel ng kapaligiran sa pagsusulat, pesonal na koneksyon at natatanging karanasan sa pagtuturo, emosyonal na katatagan at propesyunal na pangarap. Kaugnay nito, naitala ang mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral: pagtitibay ng loob at positibong pananaw, malikhaing paggamit ng limitadong kagamitan, patuloy na propesyunal na pag-unlad at suporta, pagpapalakas ng relasyon sa mag-aaral bilang inspirasyon, epektibong estratehiya sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Bagama't may pagkakatulad ang mga kaso sa aspekto ng pagbabago ng pananaw, karanasan, pamamaraan, at malinaw ang kanilang pagkakaiba sa pagharap ng mga ito. Ipinahiwatig ng pag-aaral na ang pinakaepektibong estratehiya ng guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat ay ang paggiging maparaan sa kabila ng mga kakulangan, sapat na suporta sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon na makadalo sa mga palihan at mga pagsasanay nang magkaroon ng panibagong kaalaman at estratehiyang magagamit sa klase, at malikhaing pag-angkop sa kasalukuyang henerasyon.*

**MGA SUSING SALITA:** *Estratehiya sa pagtuturo, Malikhaing Pagsulat, Special Program in the Arts, paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo, guro sa malikhaing pagsulat, multiple case na pag-aaral, Pilipinas*

## INTRODUKSYON

Sa apat (4) na makrong kasanayan sa pagkatuto, ang kasanayan sa pagsulat ang pinakamahirap, sa katunayan ito ang pinakahuling natututuhan sapagkat kinakailangang malinang muna ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, at pagbasa bago ang pagsulat. Isa sa mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon ang Special Program in the Arts kung saan sentro nito ang paghubog sa talento ng bawat mag-aaral sa iba't ibang larangan, kabilang na rito ang Malikhaing Pagsulat na nakatutok sa kasanayan sa pagsusulat. Ang mga specialist ay kailangang maging magaling sa kanilang itinuturo (Cordovilla, et al., 2023). Sumusuporta rito ang pahayag ni Johnson (2020) na ang guro ay kailangang maging mahusay sa kanilang ginagawa. Kung kaya hindi maikakaila na mayroong napakamahalagang bahagi ang guro sa pagpanday ng kakayahan ng bawat mag-aaral. Gayunpaman, hindi sapat ang simpleng pagtuturo, kinakailangan ang paggamit ng epektibong estratehiya ng mga tagapagturo upang mapaunlad ang kakayahan at malikhaing pag-iisip ng mag-aaral.

Sa pandaigdigang perspektibo, lumabas sa isinagawang pag-aaral nina Raoofi et al. (2017) sa isang pamantasan sa bansang Malaysia na bagaman bahagi na ng kanilang pag-aaral ang pagkatuto sa pangalawang wika, subalit hindi pa rin nawawala ang suliranin ng karamihan sa pagsusulat, ito ay nakitaan bilang gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng pag-iisip at ang itinuturo nito na salik ay ang pamamaraan ng guro sa pagtuturo. Samantala, sa bansang China naman ay lumabas sa pag-aaral nina Nguyen at Nguyen (2025) na marami sa mga mag-aaral na Vietnamese ang nahihirapan sa English bilang Foreign Language (EFL) kung kaya pinaniniwalaan na kailangang pagtuonan ng pansin ang pamamaraan ng guro at iba't ibang persepsyon sa pagtuturo lalo na sa patalatang pagsulat. Sa kabilang banda, sa isinagawang pag-aaral sa Probinsya ng KwaZulu Natal sa South Africa, lumabas sa pananaliksik nina Dlamini et al. (2024) na malaki ang kakulangan ng mga guro sa wastong paghanay ng mga pedagohikal kung kaya madalas ay nagreresulta ng miskonsepsyon sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo, malaki ang problemang nakikita sa kakulangan sa Pedagogical Content Knowledge ng karamihan sa mga guro.

Sa pambansang konteksto, partikular na sa lalawigan ng Sorsogon, lumabas sa isinagawang pag-aaral nina Lagata at Marbella (2024) na may kakulangan sa mga palihan na dinadaluhan ng mga guro partikular na sa kasanayan sa pagsulat, nangangahulugan lamang na higit na nangangailangan ng

maraming pagsasanay ang mga guro upang epektibong makapagturo. Gayundin sa isinagawang sa pag-aaral sa University of Palawan Tuanku Tambusai sa pananaliksik nina Rianti et al. (2022) natukoy na ang mga mag-aaral ay mayroong limitadong bokabularyo at gramatika sa pagsulat, ang itinuturo nitong dahilan ay ang kakulangan ng pagsusumikap ng guro na pukawin ang isipan ng mag-aaral. Ito ay nangangahulugan lamang na ang guro ang siyang tagapanguna sa pamamahala sa klase, binanggit pa nina Leocario at Pawilen (2015) na ang proseso sa pag-implementa ng kurikulum ay maisasagawa kung ang bawat mag-aaral ay makapag-ugnay sa guro na mayroong planadong gawain sa kaniyang klase.

Sa lokal na konteksto, sa lungsod ng Davao, isa sa pangunahing hamon na kinakaharap ng tagapagturo ng Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts ang kakulangan ng sapat na kaalaman hindi lamang sa asignatura higit lalo na sa tuntunin ng balarila. Karamihan sa piniling tagapagturo ay unang taon nito, subalit hindi nagkaroon ng pagkakataon na lumahok sa mga pagsasanay, hindi maikakailang magkakaroon ng suliranin ukol dito. Sa pag-aaral ni Zhang (2020) may kalituhan na nabubuo sa pagitan ng guro at aralin. Ang pagtuturo sa nilalaman ng aralin partikular na sa bokabularyo, gramatika, at pagbuo ng pangungusap ang laging tuon ng guro. Lingid sa kaalaman ng marami na ito ang madalas na dahilan ng suliranin sa dahilang hindi nakasanayan ng mag-aaral ang wastong paglalahad ng kanilang damdamin maging ang pagsusuri sa sitwasyon na hindi naituturo sa loob ng klase.

Marami ng pag-aaral ang nakatuon sa paghubog sa kasanayan sa pagsusulat at sa kabila ng pagkakaroon ng kwalipikadong guro na makapagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga *Special Program in the Arts* na mag-aaral ay nanatili pa ring limitado ang inaasahang mga estratehiya at pamamaraan ng isang guro sa pagtuturo nito. Patunay dito ang mga tukoy na suliranin sa mga bansang Malaysia, China at South Africa kung saan salik ang pamamaraan ng guro at ang kakulangan nito sa klase. Gayon din ang mga natukoy sa lalawigan ng Sorsogon, Palawan, Cagayan de Oro at lungsod ng Davao kung saan tukoy din ang pangangailangan sa guro na magbahagi ng kaalaman sa kaniyang mag-aaral. Bukod pa riyan, hindi rin nabigyan ng tuon ang mga bagay na maaaring makatulong sa mga guro upang mas mahasa ang kanilang kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya nang mapalutang ang potensyal ng mag-aaral. Napagtanto ng mananaliksik na mahalagang pag-aralan ang paksang ito upang mabigyan ng tuon ang mga estratehiya ng guro sa Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mag-aaral.

Ang mga matutuklasan, kalakip na ang mga mungkahi at pananaw ay hayagang ibabahagi sa pamamagitan ng pasalitang presentasyon sa mga kumperensiya at publikasyon sa pamamagitan ng *peer-reviewed journals* nang madaling ma-*access* ng mga nagnanais na mabasa ang nilalaman ng pag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong maunawaan ang tunay na karanasan at aktuwal na estratehiyang ginagamit ng mga gurong nagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts na mag-aaral. Sa karagdagan, nais rin na konkretong mailarawan ang mga pagsubok na hinarap sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat nang mabigyan ng karagdagang impormasyon at kaalaman sa paghubog ng mag-aaral sa Special Program in the Arts sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos mula sa iba't ibang literatura, dyornal, panayam at iba pa. Binanggit sa pananaliksik ni Baradillo (2025) na ang layunin ng pananaliksik ay upang bigyan ng kahulugan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kwalitatibong paraan, tulad ng panayam, talakayan, at pagmamasid upang makalikom ng mas malalim na kaalaman para sa pagsasaliksik.

**Katanungan ng Pag-aaral**

1. Ano ang naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral?
2. Paano nila napagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral?
3. Ano-ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga case unit?

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

***Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat***

Ang kasanayan sa pagsusulat ay nangangahulugang paggamit ng abilidad sa pamamagitan ng epektibong pakikipag-ugnayan, paglalahad ng ideya at impormasyon sa pasulat na paraan gamit ang partikular na wika at pagsunod sa tuntunin ng wika (Armea et al. 2022). Ang pagkakaroon ng interes sa malikhaing pagsulat ay kapwa nakatuon sa sining at disiplina na nauugnay sa literatura at galaw ng lipunan (Xao, 2024). Mula sa binigay na pagpapakahulugan sa kahalagahan ng pagsulat, ito ay nangangahulugan lamang na kung mapagtuonan ng pansin ng guro ang kaniyang mag-aaral at magamit ng wasto ang mga pedagohikal hindi posibleng mahubog ang kasanayan ng mag-aaral.

Sa bansang China, ang pagkahilig sa pagsulat gamit ang malikhaing kaisipan ay pinaniniwalaang nakakataas ng interes sa iba pang gawaing pang-akademiko, kung kaya marami sa mga iskolar ay interisado sa larang na ito (Dai, 2017). Sa katunayan, marami sa mga iskolar ang nagka-interes na pag-aralan ang mga teorya na naaugnay sa malikhaing pagsulat at kinakailangang mahubog na disiplina sa pagsulat (Xu at Ge, 2016). Hindi rin maikakaila ang kadahilanang, nakasalalay pa rin sa tagapagturo kung paano nito gawing kahali-halina ang gawaing pagsulat sa kaniyang mga mag-aaral. Sa pagpapakahulugan ni Ali (2022) ang pagtuturo ng malikhaing pagsulat ay nakakaenganyo sa mga mag-aaral na sumulat batay sa kanilang naiisip, imahinasyon, at iba pang paggamit ng malikot na kaisipan.

Sa kabila ng pagkakaroon ng iba't ibang oportunidad upang dumalo sa mga kumperensiya, palihan at pagsangguni mula sa mga kilalang manunulat at *professional experts* ay hindi pa rin nawawala ang mga nakikitang balakid ng guro sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat. Sa katunayan, binanggit sa pananaliksik ni Jansen (2024) na marami ang mga patutusada ng guro sa pagtuturo kung kaya hanggang sa kasalukuyan ay may kakulangan pa rin sa paggamit ng mas napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat. Binanggit ni Graham

(2019) upang maging maginhawa ang pagkatuto sa kasanayan sa pagsulat, ang guro ay narapat na makapaghanap ng pinakaepektibong metodo na maaaring maproseso ang isipan ng mag-aaral sa pinakamadaling paraan ng pagsasatitik ng kaniyang ideya.

Napagtuonan naman ng pansin sa pag-aaral nina Rietdijk et al. (2018) ang pagtukoy sa pangunahing dahilan kung bakit kulang pa rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa kabila ng paglalaan nito ng sapat na panahon at pagsasanay. Ito ay nangangahulugang, ang pagtukoy na mayroong kahinaan ang mag-aaral sa pagsulat ibig sabihin ay nangangailangan ito ng agarang pagtugon ng guro.

Ang pagtugon sa mga nakikitang suliranin sa pagsulat ay binigyang pansin sa iba't ibang bansa, ito ay hayagang binanggit sa pananaliksik ni Jansen (2024) sa bansang Netherlands, ginagamit ang estratehiyang *communicative writing approach* kung saan binibigyang diin dito ang kahalagahan ng wika at ang aktuwal na karanasan sa pakikipagtalastasan. Gayundin sa mga bansang South Africa, kung saan binigyang diin din sa pananaliksik nina Ngubane et al. (2020) upang lubusan ang pag-unawa ng mag-aaral mabisang gamitin ang pagbubuod upang hindi lamang nalalaman ng mag-aaral ang kahulugan ng isang konteksto bagkus batid din nito ang pangkabuoan na ideya bilang hangguan sa aktuwal na pagsulat.

Ang gawaing pagsulat ay isang abilidad, narapat lamang na matukoy ng guro ang paghubog ng abilidad ng mag-aaral. Binaggit pa nina Cannell et al. (2023) sa pamamagitan ng paglagiang pagsusulat, ay mag-aaral ay hindi lamang natututo bagkus ito ay nakakatuloy upang makapag-isip sa sistematikong paraan. At ang gawaing pagsusulat ay hindi lamang pagsasatitik ng anumang letra, ito ay paggamit din ng kaisipan. Mula sa pagpapakahulugan ni Bai (2018) na ang gawaing pagsusulat ay nangangailangan ng estratehiya upang maging interesado ang babasa ng sulatin. Na nabanggit din sa pag-aaral ni Mas'amah et al. (2024) na ang paggamit ng praktikal na estratehiya ng guro ay inaasahang nakatutulong sa paghasa sa malikhaing pag-iisip ng mag-aaral at paggamit ng partikular na wika.

Sa usaping pagtuturo, binanggit nina Lestari et al. (2020) na sa mundo ng edukasyon, ang estratehiya ay nagsisilbing plano, metodo at hanay na mga gawain na inaasahang makatutulong sa pagtamo ng dekalidad na edukasyon. Sa madaling sabi, mayroong mahalagang bahagi ang sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto. Binanggit pa ni Ayua (2017) na ang estratehiya sa pagtuturo ay estratehiyang ginagamit sa edukasyon sa paniniwalang natatamo ang layunin sa tulong nito.

Ang premyadong manunulat na si Pat Villafuerte ay nagbanggit ng kaniyang pagpapakahulugan sa guro bilang tagapagturo ng malikhaing pagsulat na nabigyang diin sa pananaliksik ni Adaya (2022), aniya sa konteksto ng pagtatagpo ng larang ng pagtuturo at pagsusulat o yaong tinatawag na gurong manunulat, binibigyang diin na maihahalintulad sa paglikha ng apoy ang proseso ng malikhaing pagsulat: bilang guro ay lumilikha ng ningas, at bilang manunulat ay tagalikha ng apoy. Ang puntong ito ni Villafuerte ay nangangahulugan lamang na sa pagtututo ng malikhaing pagsulat, nangangailangan na ang guro ay taglayin niya ang mga katangian na bitbit ng isang manunulat upang higit na maging epektibo ito sa pagtuturo.

Pinaniniwalaan ng marami na likas sa isang tao ang pagiging malikhain nito, gayundin para sa mga guro. Binanggit pa nina Eliserio et al. (2016) na dapat nating maunawaan na likas sa atin ang lumikha at maging malikhain, subalit tandaan ding may kaakibat na responsibilidad ang bawat tao sa paggamit ng imahinasyon. Ito ay nauugnay sa mga pahayag ni Villafuerte hinggil sa pagiging malikhain at manunulat ng isang guro, pagsalungat pa ni Popa (2016) na hindi kailangang maging manunulat din ang guro ng Malikhaing Pagsulat para maging epektibo at malikha sa silid-aralan ang paligid na may atmosperang amoy ang paglikha.

Sa pananaliksik pa rin ni Adaya, binanggit sa isinagawang lektura ang pagtalakay sa mga programa na makatutulong sa mga tagapahgturo ng Malikhaing Pagsulat, dito mabusising ginamit bilang metodolohiya ang kritikal na rebyu ng literatura. Sa paliwanag ni Synder (2019) kapakipakinabang ang pagsasagawa ng kritikal na rebyu sa pagsiyasat ng isang teorya o konsepto tungo sa paglatag ng mga suliranin na dinadanas ng kaguruan. Ang metodolohiya ay magbibigay ng pagtatasa, kritikal at sintesis na makapagpapausbong ng panibagong balangkas at perspektibo. Gayunpaman, sa inilatag na punto ni Cerda (2016) mainam pa rin kung ang mga materyal na gagamitin o paghahanguan ng aralin at mga pagsasanay sa mga bagay ay nariyan lamang sa kanilang komunidad.

Noong panahon ng pandemya, nabuo sa pag-aaral ni Cabigao (2021) ang isang modelo kung saan binigyang pansin dito ang tatluhang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pagtataya sa pagsulat na gawain ng mag-aaral. Pinaniniwalaan ni Cabigao na kung mayroong maayos na ugnayan ng mga salik, ang mga mag-aaral bilang sentro ng pagkatuto at pagtuturo ay lubos na natututo at makikinabang ng husto sa mga aralin na ituturo mismo ng guro sa klase.

Nauugnay dito ang paggamit ng Cloze na pagsasanay sa pag-aaral ni Ross (2017) mayroon itong aplikasyon sa totoong mundo, dito ipinakita na ang mga kabataan at matanda na nag-aaral ay nakikinabang mula sa pag-aaral ng wika na nakabatay sa gawain ng pagpapabuti at pagpapa-unlad ng pagkamalikhain kaysa sa simpleng pag-aaral lamang o sa mababaw na paraan. Ang cloze na pagsasanay ay ginamit din sa pag-aaral na isinagawa nina Maligalig at Carada (2021) kung saan lumabas na ang mga mag-aaral na sumailalim sa cloze na pamamaraan upang matutunan ang wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita na mahalaga upang mapayabong ang nilalaman at kaisahan ng mga isinulat.

.

***Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral***

Ang gawaing pagtuturo ay tunay na mapanghamon, sa pag-aaral ni Brillantes (2022) tinukoy nito ang mga hamon at kakulangan ng mga kinikilala bilang '*specialist teachers'* na nagtuturo ng asignatura sa SPA. Binigyang diin din sa pag-aaral ni Diqduiqin (2021) na kinakailangan ng mga pampropesyonal na programa na makatutulong sa pagpapahusay ng pagtuturo. Sapagkat ang

mga guro na nagtuturo sa Special Program in the Arts ay tatawagin gamit ang termino na '*specialist'* kung saan ang mga ito ay mayroong malaking gampanin sa pagsiguro na magiging matagumpay ang paglunsad ng programa at paghasa sa mag-aaral (Brillantes, 2022). Sa madaling sabi, ang mga guro sa SPA ay mayroong malaking gampanin at mataas ang inaasahan sa usaping work performance. Ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng obserbasyon, panggagaya, at pagmomodelo, na siyang nauugnay sa SPA, ang mga guro bilang mahalagang instrumento sa pagkatuto ng bawat mag-aaral (Fernandez, 2022).

Kung susuriin ang nilalaman ng Creative Writing o Malikhaing Pagsulat, ito ay nakatuon sa iba't ibang babasahing pampanitikan. Matapos ang gawaing pagbasa ang mga ihahandang gawain upang mapalawig ang mga nabasang teksto ay makatutulong sa guro na mataya ang pang-unawa ng mag-aaral sa panitikan at paggamit nito ng sariling imahinasyon (Al Manaseer & Omari, 2024). Lumabas sa pag-aaral nina Mutune et al. (2025) na isa sa mga hamon na hinaharap ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat ay ang kakulangan sa mga sanggunian na magagamit sa pagtuturo. Nakitaan din na limitado lang ang oras sa klase samantalang marami ang mag-aaral sa loob ng klase, dahilan na hindi mabigyan ng pansin ang ilang mga salik sa pagtuturo.

Nauugnay dito ang inilahad na suliranin sa pagtuturo sa pag-aaral ni De Juan (2025) kung saan ang pagtuturo ng Filipino ay nagiging suliranin dahil sa madalas kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at maging ang guro ay hindi rin mulat sa lahat ng pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika at panitikan para sumunod sa mga makabagong estilo at teknik sa pagtuturo ng Filipino. Bilang tugon sa hamong naharap, tinukoy sa pananaliksik ni Dionisio (2025) na ang paggamit ng mga guro ng mga makabagong pamamaraan na bunga ng teknolohiya bilang kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong.

Ang pagtuturo lalo na sa kasanayan ng pagsusulat, ito ay nangangailangan ng pagtuon sa bawat mag-aaral taglay ang iba't ibang kakayahan. Upang malampasan ang hamon sa pagtuturo, pinaniniwalaang nakatutulong ng malaki ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtama ng teaching-learning goals (Naibaho, 2022; Rashid et al., 2022). Binanggit pa sa pag-aaral nina Wijekumar et al., 2019 na sa pagpili ng naaangkop na estratehiyang gagamitin natatamo ng guro ang kaniyang mga layunin. Dagdag pa nito, napapataas din ng guro ang motibasyon ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiya.

Mayroong sapat na kaalaman ang guro sa epekto ng paggamit ng mga estratehiya at iba pang teknik sa pagtuturo ay nahahasa nito ang kognitibong abilidad ng bawat mag-aaral (Wallace at Wray, 2022). Sa isinagawang pag-aaral nina Al Manaseer & Omari (2024) pinagtuonan ng pansin nito ang perspektibo ng mga guro sa creative writing kung saan lumabas sa pangkalahatang resulta ang kawalan ng interes ng mga guro sa proseso ng creative writing. Gayunpaman, inilarawan nito ang creative writing bilang isang asignatura na maraming benepisyo at kaalaman na matatamo ang mag-aaral.

Ang pagtataya sa pagkatuto upang masukat ang pakikilahok ng mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Sa pamamagitan ng dulog na ito ay natutukoy ng mag-aaral ang mga kamalian at nahihikayat na muling magsulat nang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat (Rini at Cahyanto, 2020). Ito ay nauugnay sa suliranin na tinukoy sa pananaliksik ni Shahzad et al. (2024) sa bansang Pakistani kung saan ang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ay hindi ganoon kabihasa ang kasanayan sa wikang Ingles, higit lalo na sa kasanayan sa pagsulat. Binanggit pa nina Ali at Javed at Shabbir (2017) na karamihan sa mga mag-aaral sa parehong baitang ay hindi lubusang naitatanim sa isipan ang tamang pagsulat.

Sa bansang Indonesia sa lungsod ng Palembang naman ay naiiba ang ginawang pamamaraan upang maibsan ang mga balakid na humahadlang sa paghasa ng kakayahan sa pagsusulat. Siniguro ng pamunuan na ang lahat ng gurong tagapagturo ng malikhaing pagsulat ay isinaayos ang mga materyal na gagamitin sa klase sa pamamagitan ng *E-learning schoology.* Sa pamamagitan ng nasabing pamamaraan ang mga tagapagturo ng Malikhaing Pagsulat ay natututong mag-*adjust* at umugnay sa kaniyang aralin at sa interes ng bawat mag-aaral. (Ernalida et al., 2021). Gayunpaman, bilang resulta ng pag-aaral, nakitaan pa ang mga pagkukulang sa kabila ng pagkakaroon ng implementasyon sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat.

Sa bansang Pilipinas nakitaan ng mga hamong hinaharap ng guro sa usaping pagtuturo ng creative writing, sa katunayan sa Namibia sa Southern Africa ay binigyang diin ng National Institute for Educational Development (NIED) ang pagiging salat sa kakayahan sa pagsusulat na siyang nangangahulugang pangangailangan sa paggamit ng iba't ibang pagdulog at estratehiya (Jansen, 2024). Ang pag-aaral na ito ay nauugnay din sa isinagawang pananaliksik nina Hall, Gao at Hirsch (2021) binigyang tuon sa kanilang pag-aaral ang mga paniniwala at persepsyon ng mga guro kaugnay sa pagsulat bilang isang napakamahalang gawain at kaalaman na dapat matamo ng isang mag-aaral. Gayunpaman, wala pa ring matukoy na sapat na pagpapatunay kung ano-ano ang maaaring makatulong sa mga guro upang mapataas

Sa lungsod naman ng Cagayan de Oro pinagtuonan ng pansin sa pananaliksik nina Ladao at Ong (2025) ang suliranin sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat kung saan pinaniniwalaan na isang kritikal na gawain ang pagsulat, upang tiyak na masuri at mahubog ang mag-aaral ay nangangailangan ito ng isang guro na mayroong komprehensibong patnubay, at sapat na pagsasanay. Sa pag-aaral nina Rachmajanti et al. (2022) pinagtuonan nila ng pansin ang pagpapaigting ng pagsulat gamit ang malikhaing pamamaraan. Lumabas sa pag-aaral gamit ang *three primary tools for data collection: writing assignments, observation charts, and surveys.* Ginamit din sa pagsuri sa gagamiting pagtataya ang CEFR (*Common European Framework of Reference for Languages)* para sa madaling pagtukoy ng kalidad at pamamaraan ng guro sa pagsulat.

Sa huli, lumabas bilang pangkalahatang resulta, ang mga guro sa creative writing ay nangangailangan ng mas malawak na kaalaman, patuloy na pagtuklas, patuloy na nililinang ang mga kasanayang pangliterasi, at mas malalim na pag-unawa sa

gampanin bilang guro. Sa pag-aaral ni Jansen (2024) maraming posibleng idahilan ang isang guro sa kaniyang kakulangan sa pagtuturo ng asignaturang malikhaing pagsulat, subalit mas mahirap ipagsawalang bahala ang mga magagamit na materyal na maaaring paghanguan ng guro sa pagpapa-unlad ng kaniyang aralin. Ang isang guro ay tumataas ang kaniyang kumpiyansa sa kaniyang itinuturo kung maglalaan ng mas mahabang oras sa pagtuturo, samantalang ang mga mag-aaral naman ay maglalaan ng kanilang panahon sa pagsusulat (Jansen 2024). Sa madaling sabi, nagsisilbing repleksyon ang mga mag-aaral sa kaniyang guro, kung kaya narapat na magkaroon ng sapat na motibasyon ang isang guro sa kaniyang pagtuturo bilang huwaran sa kaniyang mga mag-aaral.

Ginamit ang kahalagahan ng *Evidence-Based Teaching* (EBT), maisasagawa lamang ito kung ang guro ay magkakaroon ng sapat na kaalaman kung ano ang EBT at paano ito gagamitin, kalakip ang paniniwalang taglay nito ang nasabing kakayahan (Georgiou, et al, 2020). Sa kabuoan, ang mga natukoy na hamon sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat ay tunay na hindi madaling harapin, subalit ang lahat ng suliranin ay mayroong kakambal na pagtugon bilang solusyon. Ilan lamang ang mga natukoy na hamon sa pagtuturo ang sumusunod: kinakailangan ang pampropesyonal na programa na makatutulong sa pagpapahusay ng pagtuturo; kakulangan sa mga sanggunian na magagamit sa pagtuturo; limitado lamang ang oras sa klase samantala marami ang mga mag-aaral na tinuturuan sa loob ng klase dahilan upang hindi mabigyan ng pansin ang ilang mga salik na suliranin sa pagtuturo; kawalan ng interes sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at maging ang guro ay hindi batid ang mga pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng panitikan para masunod ang mga pagbabago ng estilo sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral ni Rahman (2024) ay sumusuporta sa teorya ni Vygotsky na hindi kinakailangang limitahan ng mag-aaral ang kanilang sarili sa pag-asa lamang ng makukuhang impormasyon mula sa guro bilang tanging hanguan. Maaaring sumangguni sa iba pang potensyal na scaffolding tulad ng mananaliksik, mag-aaral na nakapagtamo ng karangalan na nauugnay sa pokus pag-aralan at iba pang batayan ng scaffolding. Kung kaya, itinuturing ito na epektibong pamamaraan na binanggit din sa pag-aaral ni Rahman (2024) upang lumago ang pampropesyonal na aspeto ay sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga palihan, seminar at iba pang workshop kung saan ang guro ay malayang makapag-obserba habang natuto mula sa itinuturing na *exemplary teachers,* at *coaches* gamit ang iba't ibang estratehiya, metodo at mga teknik.

## METODO

### Disenyo

Gagamitin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang disenyong kuwalitatibo na kumakatawan sa malawak na pamamaraan sa pananaliksik. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay kinapapalooban ng mga uri ng pagsisiyasat na ang layunin ay malalimang unawain ang pag-uugali at ugnayan ng mga tao at ang dahilan ng gumagabay dito (De laza & Batnag, 2016). Nagbigay ng pagpapakahulugan din si Crossman (2020) sa kuwalitatibong pananaliksik bilang isang anyo ng pananaliksik na pang-agham panlipunan na nagtitipon at nagpapatakbo ng mga datos na hindi pang-numero at sinusubukan na makakuha ng kabuluhan mula sa mga datos na nakatutulong upang maunawaan ang buhay panlipunan sa pamamagitan ng pag-obserba sa nakatarget na komunidad o lokasyon.

### Partisipante ng Case Units

Ginamit ang *maximum variation sampling* kung saan layon nito na matukoy ang iba't ibang *key dimension* para sa pagpili ng pinaka natatanging kaso. Batay sa pagpapakahulugan ni Cogoco (2024) ang tunguhin ng pag-aaral na ito na matamo at maisulat sa komprehensibong paraan, gayundin din magkaroon ng malalimang paglalarawan sa bawat natatanging kaso nang hayagang maipaliwanag hindi lamang ang perspektibo ng kalahok maging ang iba pang detalyadong tendensiya na maaaring isiwalat.

Ang mga kalahok na kabilang sa pag-aaral na ito ay limang (5) guro sa Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts (SPA) mula sa iba't ibang dibisyon sa rehiyon ng Davao. Sa pagpili ng mga kalahok, pinagbasehan ang pamantayan sa pagpili, ang mga kalahok ay mga guro sa sekondaryang pampublikong paaralan na mayroong programang Special Program in the Arts sa espesyalisasyon na Creative Writing o Malikhaing Pagsulat mula sa iba't ibang dibisyon sa rehiyon ng Davao. Limang (5) kalahok ang napili na magiging bahagi ng panayam na mayroong natatanging kaso na pagtutuonan. Ang mga kalahok ay mapipili mula sa tala ng rehiyon ng Davao sa mga pampublikong paaralan na mayroong Special Program in the Arts – espesyalisasyon sa Malikhaing Pagsulat.

### Pinagkunan ng mga Datos

Saklaw ng pag-aaral na ito ang pangangalap ng datos mula sa panayam, obserbasyon, at pag-analisa ng datos mula sa ibinahaging perspektibo ng mga kalahok na nagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts na mga guro. Ang mga impormasyon na makakalap ay mula sa mga napiling kalahok sa pamamagitan ng panayam na *in-depth* na reperensiya at gamit ang iba't ibang pamamaraan at teknik ay higit na makatutulong sa pagbuo ng *triangulation* para sa lubusang pag-unawa sa tukoy na phenomenon ng pag-aaral. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng *cross-validation* mula sa iba't ibang sanggunian na tinukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga estratehiya at perspektibong binahagi.

Ang in-depth na panayam ay madalas itong ginagamit sa kuwalitatibong pananaliksik na mayroong layunin na mas palalimin pa ang pag-unawa sa umiiral na penomenon. Sa pagpapakahulugan nina Denzin at Lincoln (2018) ang malalimang pagsusuri ay hindi lamang simpleng pagkuha ng impormasyon kundi isang interpretatibong proseso kung saan ang mananaliksik ay nagsusuri sa mga pattern, tema, at konteksto para sa mas malinaw na paliwanag at pagpapalawak ng datos. Kaugnay rito, sina Miles et al. (2020) ang in-depth na uri ng panayam ay nangangailangan ng kritikal na paninilay. Ito ay nangangahulugan lamang na ang mananaliksik ay hindi lamang tagakuha ng impormasyon mula sa kalahok maging ang pagsusuri rin lalo na sa mga tema na hindi lantad ang kahulugan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Pamamaraan sa Pagkuha ng mga Datos**

Ang iprinisintang pag-aaral ay kakatawan bilang pangunahing datos, ang lahat ng hakbang na isinagawa sa pangangalap ay mariing sumunod sa proseso ng pangangalap. Ang unang proseso ay ang paghingi ng pahintulot at pag-apruba ng dekano ng *Graduate School* alinsunod sa *Institutional Research and Ethics Committee* sa University of Immaculate Conception. Sa kabilang banda, ang pagsasagawa ng panayam ay kinailangang dumaan din sa proseso at pagsuri ng mga kasapi ng balideytor at *panel members.* Kasunod nito ang paghingi ng kahilingan ng *endorsement letter* mula sa tagapayo bago isumite ang papel pananaliksik.

Pagkatapos mabigyan ng pag-apruba, ay hihingi muli ng liham para humingi ng pahinutulot sa dibisyon kung saan napabilang ang kalahok, bago isasagawa ang panayam. Kung mabigyan na ng pag-apruba mula sa dibisyon ay saka pa isusumite ang *consent letter* para sa napiling kalahok at liham na magsasagawa ng *face-to-face* na panayam. Dagdag pa, ang *waivers* kung saan malinaw na ipapaunawa sa mga kalahok ng pag-aaral ang mga layunin, proseso, at maging ang mga prosibleng panganib na maharap sa kanilang pakikilahok. Kung kaya bilang mananaliksik, upang maprotektahan ang mga posibleng panganib na maharap ng kalahok sa kanilang pakikilahok sa pag-aaral tulad ng *emotional distress*, paglabag sa *privacy,* o kaya'y magkaroon ng maling interpretasyon sa mga datos na ibinahagi, maging ang pagka-inip, kaba o kaya'y pagkalito habang isinasagawa ang panayam. Kung kaya sisiguraduhin ng mananaliksik na pagaanin ang kalooban ng kalahok, at bigyan sila ng sapat na oras sa pagsagot at pagbahagi, bibigyan din sila ng kalayaan na magpahinga o pansamantalang ihinto ang panayam kung kinakailangan.

Sisiguraduhin ng mananaliksik ang kumpidensyalidad ng mga impormasyon sa lahat ng pagkakataon. Magbibigay din ng informed *consent* na ipamamahagi sa tukoy na kalahok ayon sa nakatala *inclusion criteria.* Ang inclusion criteria ng magiging kalahok ng pag-aaral ay mga gurong nagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts mula sa rehiyon ng Davao. Malinaw na ipapaunawa sa mga kalahok na ang kanilang partisipasyon sa panayam ay boluntaryo at hindi pinilit at anumang oras ay maaari itong tumanggi o hindi ipagpatuloy ang pakikilahok kung kanilang nanaisin.

Mayroong permiso mula sa kalahok ang kanilang pakikilahok sa isinagawang pananaliksik, malinaw din na ipapaunawa sa kanila ang layunin at kahalagahan kung bakit isinagawa ang pag-aaral at ang proseso ng pag-aaral. Bibigyang diin din ng mananaliksik na kung sakaling mayroong mga katanungan na hindi kumportable ang kalahok ay maaari itong tumangging magbahagi. Kung sakaling mayroong mga bahagi rin na hindi naging malinaw sa kalahok ay maaaring itong magtanong upang mabigyang linaw ang lahat. Gayundin, ipapaunawa sa mga kalahok na kasamang nakatala sa informed consent na i-rerekord ang *audio* ng isinagawang panayam para sa pagsigurong maitala ang lahat ng inaasahang mahalagang impormasyon na gagamitin. Pagkatapos ang isasagawang panayam, ang lahat ng datos na makakalap na gumamit ng ibang wika ay isasalin sa Filipino para sa lubusang pag-unawa ng mambabasa.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang bahaging pagsusuri ng datos at pamamahala ay pinanatiling totoo sa mga kalahok. Ang boses at hinaing ng bawat kalahok ay pinakinggan ng mananaliksik upang mabigyan ng kahulugan at maiulat upang mabasa ng iba at matuto mula rito (Sutton & Austin, 2015). Sa bahaging ito nangyayari ang produksyon ng mga bagong datos na pinagbatayan ng kinalabasan ng pananaliksik. Ang mga nakolektang datos sa pag-aaral na ito ay naging resulta ng mga nakalapat na impormasyon mula sa mga piling indibidwal na may kinalaman sa pag-aaral na ito.

Ang lahat ng nakalap na datos mula sa panayam, mula sa naitala sa papel at nai-rekord na audio at iba pang tekstuwal na datos ay papalalimin ang pang-unawa sa tulong ng mga impormasyon. Ang isasagawang pagsusuri ay kalakip ang proseso ng *transcribing, coding, categorizing,* at *engaging* para sa *cross-case analysis.* Bawat *case* ay susuriin ang mga datos ng magkahiwalay bago pa man matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga *patterns.*

Matapos mapagsama ang mga datos ay isusunod na ang transcription*,* dito isasagawa ang pagsasalin ng *recorded audio information* patungo sa pasulat na paraan. Ang pagtranscribe ng naka-rekord na datos ay isang gawaing pagsasatitik ng audio content patungo sa pagsagawa ng rebyu at pagsatitik ng mga impormasyon para sa pangkalahatang pag-alam sa mga datos (Caulfield, 2019).

Sa pag-aaral na ito ay gagamitin ng mananaliksik ang *cross case analysis* para sa madaling pagkilala sa nabuong tugon, opinyon at pag-unawa ng kalahok kaugnay sa isinagawang pag-aaral. Ang cross case analysis ay isang paraan ng pagsusuri ng datos na nakatuon sa pagtukoy, pagsusuri at pag-uulat ng mga pattern o tema sa loob ng isang hanay ng datos (Clarke, Braun & Hayfield, 2015). Samantala sina Mason et al. (2022) naman ay nagbanggit na ang cross case analysis ay katulad ng thematic analysis ay isang uri ng kwalitatibong pagsusuri na angkop para sa mga pag-aaral na naglalayong mas malawak na maunawaan ang isang isyu sa pamamagitan ng interpretasyon ng datos.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang mananaliksik ay makikipag-ugnayan sa University of Immaculate Conception- Research Ethics Committee upang mapagtuonan ang lahat ng isyu na maaaring maharap, bago, habang at pagkatapos isagawa ang pananaliksik. Ang lahat ng kinakailangang dokumento na nauugnay sa isinasagawang disertasyon kalakip ang iba't ibang *forms* bilang kahingian sa REC office ay isusumite upang masuri bago mabigyan ng pag-apruba ang pangangalap ng datos. Sa madaling sabi, sistematikong susundin ng mananaliksik ang istandard batay sa National Ethical Guidelines for Research Involving Human Participants 2022 para sa pagsasagawa ng pang-akademikong pananaliksik. Ang pamantayang susundin ay magsisilbing paalala ng mananaliksik nang maging maingat lalo na sa pangangalap ng datos sa mga napiling kalahok. Ang mananaliksik ay nakatalagang sumunod sa mga alintuntunin at patakaran gayundin isumite ang anumang kahingian ng University of the Immacute Conception- Research Ethics Committee.

Ang mananaliksik ay kasalukuyang nag-aaral sa gradwadong paaralan ng University of the Immaculate Conception sa kursong Doctor of Philosophy in Education major in Filipino na kumukuha ng asignaturang disertasyon kung saan hinahasa ang sinumang mananaliksik upang makuha ang mga kasanayang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kakailanganin dito. Taglay ng mananaliksik ang kinakailangang kasanayan sa pagsagawa ng panayam at pamamahala ng mga datos na nakalap. Ang mananaliksik ay mayroong humigit pitong (7) taong karanasan sa pagtuturo, limang (5) taon sa pribadong paaralan at dalawang (2) taon sa pampublikong paaralan. Ang isasagawang pananaliksik ay isasagawa sa tulong at gabay ng tagapayo at lupon ng tagasuri ng pag-aaral.

Maliban sa mga datos na makakalap mula sa mga kalahok ng pag-aaral, sasangguni rin ang mananaliksik ng mga pansuportang impormasyon mula sa UIC Library at iba pang pasilidad na mapaghahanguan ng karagdagang reperensiya na makakatulong upang matapos ang isasagawang pag-aaral.

## Resulta

### *Propayl ng kalahok ng in-depth interview*

| POINT OF SIMILARITIES AND DIFFERENCES | CASE UNIT 1 SPECIALIST A | CASE UNIT 2 SPECIALIST B | CASE UNIT 3 SPECIALIST C | CASE UNIT 4 SPECIALIST D | CASE UNIT 5 SPECIALIST E |
|---|---|---|---|---|---|
| EDAD | 38 | 49 | 30 | 56 | 57 |
| KASARIAN | BABAE | LALAKI | BABAE | BABAE | BABAE |
| BILANG NG TAON SA PAGTUTURO | 16 | 20 | 8 | 23 | 13 |
| EDUKASYONG NATAMO | BSED- ENGLISH | BSED - FILIPINO | MAED- ENGLISH | MAED - FILIPINO | BSED - ENGLISH |
| KODA NG KALAHOK | P01 | P02 | P03 | P04 | P05 |

Maliban sa mga detalyeng naitala sa bawat talahanayan, bawat case ay itinala ang pagiging natatangi nito bilang mga specialist sa Malikhaing Pagsulat sa Special Program in the Arts sa limang dibisyon sa rehiyon ng Davao. Dagdag pa rito, ang mga kalahok na guro ay humarap sa iba't ibang hamon ng kanilang pagtuturo sa asignaturang Malikhaing Pagsulat, kalakip dito ang salik na natukoy upang masabing sila ay natatangi dala ang iba't ibang pinagmulan. Gayundin ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo at estratehiyang ginagamit sa kanilang mga aralin sa kabila ng mga hamon.

### *Karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral*

Mayroong limang temang nabuo matapos isinailalim sa cross-case analysis ng limang kalahok sa pag-aaral: *Malikhain at Magkaibang Estratehiya sa Pagtuturo, Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral, Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat, Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo, at Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap*. Sa talahanayan 2 makikita ang kahalagahan ng tema at ang karaniwang tema na tumatalakay sa mga ideya at nagbubuod sa kahulugan ng bawat tema ng datos. Ang mga tema ay natukoy sa sumusunod:

**Talahanayan 2**

*Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral*

| Mahahalagang Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Malikhain at Magkaibang Estratehiya sa Pagtuturo | Pag-angkla ng mga aralin sa malinaw na layunin |
| | Paggamit ng performance-oriented learning at aktwal na pagsulat pagkatapos ng talakayan |
| | Pagpapagamit ng writing prompts, brainstorming, at collaborative writing |
| | Paghikayat sa imahinasyon sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't ibang genre at akda |
| | Pagbibigay ng real-time feedback at workshop discussions. |
| | Pag-aangkop ng estratehiya ayon sa antas at pangangailangan ng mag-aaral. |
| Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral | Kakulangan ng pundasyon sa pagsusulat kahit mataas na baitang |
| | Kawalan ng interes at motibasyon ng ilan sa pagsusulat |
| | Epekto ng digital distractions at dependency sa AI tools |
| | Takot ng mag-aaral na magkamali sa grammar, baybay, at bantas. |
| | Malaking agwat sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral (diversity) |
| | Hamon sa paggamit ng Filipino bilang medium para sa mga English major na guro. |
| Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat | Kakulangan ng permanenteng silid-aralan para sa asignatura |
| | Paggamit ng iba't ibang lugar gaya ng library, kiosk, at computer lab |
| | Paglikha ng "safe space" para sa ideya at diskusyon |
| | Paglalagay ng visual aids, quotes, at posters para magbigay-inspirasyon |
| | Pag-aayos ng upuan para sa mas madaling collaboration |
| | Pagharap sa mga ingay at distractions sa di-gaanong conducive na lugar. |
| Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo | Pagpapahintulot sa mag-aaral na magpahayag ng sarili sa kanilang natatanging paraan |
| | Pagtutok sa proseso ng paglikha kaysa sa istriktong patakaran ng pagsusulat |
| | Pagkakaroon ng hands-on at personalized na gabay mula guro |
| | Pagtuturo na nakatuon sa emosyon, imahinasyon, at personal na karanasan ng mag-aaral |
| | Pagbibigay ng kalayaan upang tuklasin ang sariling boses at estilo |
| | Pag-angkop sa hindi palagiang classroom setting bilang bahagi ng natatanging karanasan. |
| Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap | Pagharap sa stress at pagpapasya na magpatuloy sa kabila ng pagod |
| | Paghahanap ng work-life balance upang mapanatili ang sigla sa pagtuturo |
| | Paggamit ng tagumpay at paglago ng mag-aaral bilang inspirasyon. |
| | Pagturing sa pagtuturo bilang misyon at bokasyon |
| | Pagtutok sa pangmatagalang layunin na hubugin ang malikhaing pag-iisip at tiwala sa sarili ng mag-aaral |
| | Paghahangad na makita ang mag-aaral bilang matagumpay at responsableng indibidwal sa hinaharap |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Malikhain at Magkaibang Estratehiya sa Pagtuturo.*** **Bawat kalahok**
Nakitaan ng kanilang pagiging malikhain sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Ipinakita sa bawat estratehiyang ito na mayroong pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat at paggamit ng kaisipang malikhain at bukas sa iba't ibang pamamaraan ang guro para sa pagbibigay ng mas makabuluhang pagkatuto ng mag-aaral.

***Mga hamon sa kasanayan at motibasyon ng mag-aaral.***
Masasabi mang normal na ang pagharap sa iba't ibang mga hamon, subalit laging nasusubok dito ang kakayahan ng isang guro kung paano nito pamahalaan ang kanilang tungkulin. Lalo na sa kasalukuyan kung saan paikli na ng paikli ang *attention span* ng bawat mag-aaral bunga ng iba't ibang distraksyon sa kaniyang paligid. Kasama sa pangunahing kaisipan na nabuo sa unang tema ang iba't ibang hamon at motibasyon ng guro bilang tagapagturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat.

***Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat***
Sa apat na makrong kasanayan, isa ang kasanayan sa pagulat ang higit na nangangailangan ng sapat na panahon ng pagsasanay at paggamit ng isipan upang mahubog ito. Ang ikatlong tema na nabuo ay ang kahalagahan ng papel ng kapaligiran sa pagsusulat kung saan salik kung ituring ang lagay ng paligid sa sitwasyon ng nagsusulat na maaaring makaaapekto sa nilalaman ng sulatin. Para sa ilang manunulat, ang kanilang paligid ang pinagmumulan ng kanilang inspirasyon at tema ng sulatin. Kung kaya hindi maikakaila na isa ito sa kailangan na ikunsidera bilang pundasyon at gabay sa pag-iisip at pagsusulat na may kabuluhan.

***Personal na koneksyon at natatanging karanasan sa pagtuturo***
Ang ikaapat na tema ay nakatuon sa personal na koneksyon at natatanging karanasan sa pagtuturo bilang paghubog sa ugnayan ng guro at mag-aaral ay higit pa sa paglipat lamang ng kaalaman. Ang pagbabahagi ng guro ng mga halimbawang batay sa karanasan ay mas malapit sa interes ng mag-aaral dahil mas naging makatotohanan at malapit ang kaugnayan nito sa aralin at sa kanilang buhay. Ibig sabihin, ang koneksyon ay pangunahing hakbang sa pagtitiwala, respeto at mas malayang interaksyon sa loob ng klase. Sa ganitong paraan, ang pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral ay hindi lamang nakatuon sa akademiko, maging sa personal na paglago.

***Emosyonal na katatagan at propesyunal na pangarap.***
Ang ikalima at panghuling tema ay nakatuon sa emosyonal na katatagan at propesyunal na pangarap. Sa kabila ng mga hamon, ang emosyonal na katatagan ang nagsisilbing sandigan upang manatiling matibay at positibo sa pagharap sa bawat sitwasyon. Sa binahaging naratibo ng limang kalahok, lantad na nauugnay ang emosyunal na aspekto nito sa kanilang pagtuturo, ang pagbalanse ng personal at propesyunal na tungkulin.

***Mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral***
Mayroong limang temang nabuo matapos isinailalim sa cross-case analysis ng limang kalahok sa pag-aaral: *Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw, Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan, Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta, Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral Bilang Inspirasyon at Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat*. Sa talahanayan 3 makikita ang kahalagahan ng tema at ang karaniwang tema na tumatalakay sa mga ideya at nagbubuod sa kahulugan ng bawat tema ng datos. Ang mga tema ay natukoy sa sumusunod:

**Talahanayan 3**

*Mga Paraan Upang Mapagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na Mag-aaral*

| Mahahalagang Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw | Pagharap sa hamon nang may bukas na isipan at positibong disposisyon |
| | Pagturing sa mga hamon bilang oportunidad upang matuto at umunlad. |
| | Pagpapatibay ng motibasyon sa kabila ng kakulangan sa kaalaman o kagamitan |
| | Pagpapaalala sa sarili na hindi nag-iisa sa pagtuturo at maaaring humingi ng tulong |
| | Pagyakap sa tungkulin bilang guro bilang isang misyon, hindi lang trabaho |
| | Paglinang ng pasensya at katatagan sa gitna ng hirap. |
| Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan | Paggamit ng mga readily available at accessible na materyales |
| | Paglikha ng sariling visual aids at recycled materials para sa pagtuturo |
| | Pagsasama ng digital tools at libreng online resources |
| | Pagpapatupad ng low-cost ngunit engaging na gawain tulad ng cut-up poetry mula sa lumang magasin |
| | Paghahanap ng kolaborasyon at resource-sharing sa kapwa guro at mag-aaral. |
| | Pagpapakita na kahit simple ang kagamitan, maaari pa ring maging epektibo basta malikhain ang guro |
| Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta | Pagdalo sa mga seminar, workshop, at training para sa malikhaing pagsusulat |
| | Pagtanggap ng payong propesyonal mula sa kapwa guro at school head |
| | Paggamit ng feedback mula sa mga mag-aaral bilang gabay sa pagpapabuti ng pagtuturo |
| | Paglahok sa mga meeting para magbahagi at matuto ng best practices |
| | Pagsusulong ng mas marami at mas angkop na oportunidad sa professional development |
| | Pagpapalakas ng moral support sa loob ng paaralan para sa mga guro. |
| Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral bilang Inspirasyon | Paggamit ng interes at progreso ng mag-aaral bilang pangunahing motibasyon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | Pagpapahalaga sa responsibilidad na hubugin ang malikhaing pag-iisip ng kabataan |
| | Pagpapakita ng malasakit at pagbibigay ng personal na gabay |
| | Pagpapadama sa mag-aaral na mahalaga ang kanilang boses at ideya |
| | Pagpapanatili ng tiwala at respeto sa loob ng klase |
| | Pagtanggap sa papel ng guro bilang positibong impluwensya sa buhay ng mag-aaral. |
| Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat | Paglalapat ng student-centered learning approach |
| | Paggamit ng writing prompts, brainstorming, at peer review sessions |
| | Pagsasagawa ng writing workshops na may aktwal na pagsusulat, feedback, at rebisyon |
| | Pagpapakilala ng free writing at visual prompts para pukawin ang imahinasyon |
| | Pagbibigay ng konstruktibong feedback mula sa guro at kapwa mag-aaral |
| | Pagbibigay ng kalayaan sa mag-aaral na magpahayag nang kritikal at malikhain. |

***Pagtitibay ng loob at positibong pananaw.*** Ang unang temang nabuo ay pagpapatibay ng loob ito ay isang mahalagang taglayin ng sinuman nang mapagtagumpayan ang anumang nilalayon. Kapag matibay ang loob ng isang tao ay nakakayanan nitong harapin ang anumang pagsubok nang walang takot. Tukoy sa mga pahayag mula sa naratibo ng bawat kalahok ang kaniyang ibinahaging kaparaanan sa pagharap sa mga hamon nang mapagtagumpayan ang mga suliranin.

***Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan***

Sa ikalawang tema, ang malikhaing paggamit ng limitadong kagamitan, kung saan ginamit ito bilang mekanismo ng mga kalahok upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat, lalo pa at hindi sa lahat ng pagkakataon ay may sapat na kagamitang pampagtuturo. Sa halip na ituring ito bilang hadlang upang maging epektibong guro, maaari itong gamitin bilang pagkakataon na maging malikhain at maparaan. Lantad sa mga natukoy na pangunahing kaisipan ang mga pahayag mula sa limang kalahok kaugnay sa kanilang pagiging maparaan sa kabila ng kakulangan.

***Patuloy na propesyunal na pag-unlad at suporta***

Ang ikatlong tema ay tumatalakay sa patuloy na propesyunal na pag-unlad at suporta. Pinaniniwalaang ang pagkakaroon ng suporta ay higit na nakatutulong sa pag-unlad at pagiging epektibong guro. Sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalalim at pagpapahusay ng kasanayan sa pagtuturo. Lantad bilang pangunahing kaisipan ng ikatlong tema ang pamamaraan na ginamit ng mga kalahok upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat.

***Pagpapalakas ng relasyon ng mag-aaral bilang inspirasyon.***

Ang ikaapat na tema ay tumatalakay sa pagpapalakas ng relasyon ng mag-aaral bilang inspirasyon ng guro at dahilan sa pagtupad ng kaniyang tungkulin. Lantad bilang pangunahing kaisipan ng ikaapat na tema ang pamamaraan na ginamit ng mga kalahok upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat.

***Epektibong estratehiya sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat***

Ang ikalima at panghuling tema ay tumatalakay sa epektibong estratehiya sa pagtuturo ng asigaturang Malikhaing Pagsulat. Lantad bilang pangunahing kaisipan ng ikalimang tema ang pamamaraan na ginamit ng mga kalahok upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat.

***Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Karanasan***

Sa seksyon na ito binibigyang diin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng limang case sa konteksto ng estratehiya ng guro sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mag-aaral, ang kanilang mga karanasan at pamamaraan sa pagharap ng mga hamon ay binibigyang diin sa talahanayan 4.

**Talahanayan 4**

*Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Karanasan*

| Mahahalagang Tema | Yunit ng Kaso | | Mga Puna |
|---|---|---|---|
| | Pagkakatulad | Pagkakaiba | |
| Karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat | | | |
| Malikhain at Magkakaibang Estratehiya sa Pagtuturo | Cases 1, 2, 3, 4, 5 | | Lahat ay gumagamit ng kombinasyon ng student-centered methods (workshop, peer feedback, brainstorming, writing prompts). |
| Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral | Cases 1, 2, 3, 4, 5 | | Parehong nakaranas ng mababang motibasyon at writing skill gaps sa ilang mag-aaral. |
| Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat | Cases 1, 2, 5 | | Walang permanenteng classroom, gumagamit ng library/vacant rooms. |
| | | Case 3 | May matatag na silid-aralan na may pangunahing kagamitan. |
| | | Case 4 | Silid na istilong workshop na nakaayos para sa kolaborasyon |
| Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo | Cases 1, 2, 3, 4, 5 | | Lahat ay tumitingin sa sarili bilang gabay at inspirasyon, hindi lamang tagapagturo. |
| Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap | Cases 1, 2, 3, 4, 5 | | Pagpapatuloy sa kabila ng stress dahil sa pagmamahal sa pagtuturo at sa mag-aaral. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo | | | |
| Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw | Cases 1, 3, 4, 5 | | Humaharap sa hamon nang may optimismo, pagtitiyaga, at malikhaing paglutas ng problema. |
| | | Case 2 | Mas nakadepende sa paggamit ng parehong Filipino at English upang ma-accommodate ang mga mag-aaral ngunit hindi binigyang-diin ang panlabas na pakikipagtulungan. |
| Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan | Cases 1, 3, 4, 5 | | Improbisadong o nire-recycle na materyales, online na sanggunian, at malikhaing pag-angkop ng mga magagamit na kagamitan. |
| | | Case 2 | Pangunahing pag-asa sa mga digital na kagamitan. |
| Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta | Cases 2, 3, 4 | | Regular na seminar, workshop, at peer feedback bilang bahagi ng paglago. |
| | | Case 1 | Limitadong oportunidad para sa pagsasanay, humihiling ng mas marami. |
| | | Case 5 | May moral na suporta at ilang pagsasanay ngunit limitado ang mga slot. |
| Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral bilang Inspirasyon | Cases 2, 4 | | Mag-aaral bilang pangunahing inspirasyon sa pagpapatuloy sa pagtuturo. |
| | | Case 1 | Hinimok ng damdamin ng pananagutan. |
| | | Case 3 | Hinimok ng personal at emosyonal na paglago ng mag-aaral. |
| | | Case 5 | Motibado ng responsibilidad sa pamilya at pagtuturo bilang kabuhayan. |
| Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat | Cases 1, 2, 3, 4, 5 | | Lahat ay gumagamit ng mga student-centered at peer feedback na pamamaraan. |

**Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat**

Sa unang tema ng *karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat*, unang tema hinggil sa *Malikhain at Magkaibang Estratehiya sa Pagtuturo,* ang lahat ng kalahok ay nakitaan na magkatulad at gumagamit ng kombinasyon ng student-centered methods kagaya ng workshop, peer feedback, brainstorming, at writing prompts.

Ito ay nangangahulugan lamang na sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat ay hindi lamang basta nakikinig ang mag-aaral sa pagtuturo ng guro, sila ay nakikilahok din sa mga gawaing inihahanda ng guro para sa mas aktuwal at makabuluhang daloy ng pagkatuto. Sa resulta ng unang tema rin ipinapakita na bagama't iba-iba ang maaaring estilo ng guro sa pagtuturo, pero iisa ang kanilang nilalayon iyon ay mas mapalapit at mahasa ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsusulat at pagiging malikhain.

Sa ikalawang tema rin hinggil sa *Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral*, ang lahat ng kalahok ay nakitaan na magkatulad at parehong nakaranas ng mababang motibasyon at writing skill gaps sa ilang mag-aaral. Nagkaisa rin ang nabuong obserbasyon ng mga kalahok na karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang motibasyon sa pagsulat, kung kaya nakikita ito bilang hamon ng mga guro kung paano nito linangin ang kasanayan at pataasin ang motibasyon ng mga mag-aaral.

Ipinapakita lamang ng nabuong tema na ang parehong hamon sa kasanayan at motibasyon ay isang mahalagang salik sa paghubog ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo. Dagdag pa rito, ito rin ay nangangahulugan na mayroong malaking ugnayan ang motibasyon ng mag-aaral at ang kaniyang kakayahan sa pagsulat. Isa itong indikasyon na ang kahinaan ng mag-aaral at kawalan ng gana sa pagsulat ay patuloy na hamon para sa mga guro na makahanap ng mabisang estratehiya upang mapalakas ang kumpiyansa at kakayahan ng mag-aaral sa malikhaing paraan ng pagsulat.

Sa ikatlong tema naman na nabuo hinggil sa *Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat* ang kalahok A, B at E ay parehong nakitaan na ang kanilang mga klase ay walang permanenteng silid-aralan, at nakikigamit lamang sa mga bakanteng silid gaya ng silid-aklatan o mga laboratoryo.

Ito ay nangangahulugan lamang na sa maraming pagkakataon maaaring ang mga mag-aaral sa klase ay hindi kumpurtable sa kanilang paligid, at hindi akma sa pagsasagawa ng gawaing pagsusulat, ito ay isang salik sa kawalan ng konsentrasyon ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang na ang kapaligiran ay mayroong malaking papel na ginagampanan kung paano natututo at nakapagsusulat ang mga mag-aaral, gayundin sa kanilang kumpiyansa sa sariling maging kumportable. Isa itong patunay na ang pagkakaroon ng maayos, kaaya-ayang silid ay nakatutulong sa paghikayat sa mga mag-aaral na magsulat ng mas epektibo at komprehensibo.

Samantala, lumabas naman sa tema na magkaiba ang naranasan ng kalahok C at D, taliwas sa resulta ng kalahok A, B at E. Ang kalahok C ay nakitaan na may matatag ito na silid-aralan at may mga pangunahing kagamitan sa silid. Habang ang kalahok D naman ay uri ng silid na mayroon ang kanilang klase ay silid na istilong worksyap kung saan ito ay nakaayos para sa kolaborasyon na gawaing klase. Ang lumabas na resulta sa dalawang naibang kalahok ay nangangahulugan lamang na hindi lahat ng paaralan ay nakararanas ng parehong sitwasyon at kaginhawaan. ang iba, ay nakikitang adbentahe ang kaunting bilang ng mag-aaral sa klase ng Malikhaing Pagsulat kung kaya hinahayaan na lamang na magsagawa ng kanilang klase kung

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

saan. Samantang sa iba, binibigyang pagpapahalaga ang kaligiran at kahalagahan nito bilang salik sa pagsusulat. Sa temang ito, nagpapakita lamang na ang kalagayan ng pisikal na espasyo ay may malinaw na impluwensiya sa kalidad ng pagkatuto maging sa gawi ng mag-aaral sa larangan ng pagsulat.

Ang ikaapat na tema naman hinggil sa *Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo* ang lahat ng kalahok ay nakitaan na ang lahat ay tumitingin sa sarili bilang gabay at inspirasyon hindi lamang tagapagturo.

Ito ay nangangahulugan lamang na bilang isang guro, mahalagang maunawaan na ang gampanin ng isang guro ay hindi lamang sa akademikong aspeto, maging sa personal din na pinagdadaanan ng mag-aaral kung saan maaaring ito ang pagmumulan ng kaniyang mga sulating hango sa karanasan. Ibig sabihin, ang guro ay nagsisilbing tagapakinig, tagasuporta, at tagagabay sa paghubog ng pagkatao ng bawat mag-aaral maliban sa gawaing pagsulat.

Maliban dito, ang huling tema hinggil sa *Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap*, ang lahat ng kalahok din ay nakitaan na parehong nagpapatuloy sa kabila ng stress dahil sa kanilang pagmamahal sa pagtuturo at sa mga mag-aaral.

**Mga Paraan Upang Mapagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagtuturo**

Sa unang tema para sa mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo, nabuo sa unang temang *Pagtitibay ng Loob at Postibong Pananaw,* ang apat kalahok (A, C, D, at E) ay nakitaang parehong humarap nang may optimismo, pagtitiyaga at malikhaing paglutas ng problema.

Bagama't nakikita rin ang pagsisikap at determinasyon ng kalahok B, subalit mas nangingibabaw ang kaniyang pansariling pamamaraan at lingguwistikong pag-angkop kumpara sa pagkakaroon ng suporta mula sa iba.

Sa ikalawang tema para sa mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo, nabuo sa ikalawang temang *Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan* nakitaan na ang apat na kalahok (A, C, D, at E) ay impobisadong gumagamit ng mga recycled materials, online na mga sanggunian at malikhaing pag-aangkop ng mga magagamit na kagamitan maliban sa isang kalahok (B).

Ito ay maaaring mangahulugan na ang kalahok B ay nakatuon hindi lamang sa mga bagay na nakikita sa paligid at kung ano ang maaari pang gamitin, higit dito ang pagsalig sa makabagong teknolohiya bilang pangunahing kasangga ng guro sa kasalukuyan. Ang magkaibang resulta batay sa tema ay nangangahulugan ng pagiging malikhain at maparaan ng bawat kalahok, na nakaangkla sa iisang layunin, ang makapagbigay ng kalidad na kaalaman at karanasan sa pagkatuto ang bawat mag-aaral.

Kaugnay dito, sa ikatlong tema naman hinggil sa *Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta* nakitaan na tatlo sa kalahok (B, C, at D) ay magkaparehong nabibigyan ng pagkakataon na makadalo sa mga regular na seminar, workshop, at nagsasagawa ng peer feedback bilang bahagi ng paglago ng bawat mag-aaral. Ang aktibong pagdalo sa mga workshop ay higit na nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalalam at husay sa kasanayan sa pagtuturo nang mabisa at higit na makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa ikaapat na tema hinggil sa *Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral Bilang Inspirasyon,* ang dalawang kalahok (B at D) ay parehong nakitaan na ang kanilang mga mag-aaral ang kanilang pangunahing inspirasyon sa pagpapatuloy sa pagtuturo.

Sa ganitong paraan, ang kalahok ay hindi lamang nakatuon sa aspektong pangkabatiran ng mag-aaral higit lalo na ang emosyonal na aspekto. Sapagkat sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat hindi lamang ginagamit ang kakayahang pampag-iisip upang lumikha ng isang mabuting sulatin, higit pa rito ang pagggamit ng pandamdaming aspekto sa pagpapagana ng malikot na imahinasyon ng mag-aaral. Gayundin sa ikalimang kalahok (E) kung saan nakitaan sa resulta ng tema na mas ganado ito dahil sa pagsakatuparan ng responsibilidad sa pamilya at pagtuturo bilang kabuhay. Sa kabuuan, ang ikaapat na tema ay mayroong pagkakaiba-iba ng resultang nabuo sa pagpapalakas ng relasyon sa mag-aaral ang halaga ng pakikipag-ugnayan at bilang inspirasyon sa hindi lamang para sa mag-aaral maging sa sarili bilang bahagi ng sinumpaang tungkulin.

Sa ikalima at panghuling tema naman hinggil sa *Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat* nakitaan sa lumabas na resulta na ang lahat ng kalahok ay gumagamit ng mga student-centered at peer feedback na pamamaraan. Mula sa nabuong resulta, ito ay nangangahulugan lamang na ang bawat kalahok na guro ay mabuting nag-iisip ng mga estratehiyang gagamitin sa klase para sa pagpapabuti ng bawat mag-aaral hindi lamang bunga ng kagustuhang mapadali ang pagkatuto kundi higit na hinihimok ang kanilang sarili bilang may pananagutan sa pagkatututo ng bawat mag-aaral.

## DISKUSYON

Ang multiple kwalitatib case ay tumutugon sa dalawang tanong sa pananaliksik hinggil sa Estratehiya ng Guro sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na Mag-aaral, ang kanilang mga naging karanasan at pamamaraan na ginamit sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo, at panghuli ang analisis para sa pagkakatulad at pagkakaiba ng bawat kaso. Ang unang tanong sa pananaliksik ay hinggil sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral, nakitaan sa resulta na mayroong limang tema, ito ang sumusunod: Malikhain at Magkakaibang Estratehiya sa Pagtuturo; Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral; Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat; Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo; at Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap. Samantala ang ikalawang tanong ay hinggil sa Mga Paraan Upang Mapagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral, nakitaan ito sa resulta

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na mayroong limang tema ito ang sumusunod: Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw; Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan; Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta; Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral Bilang Inspirasyon; at Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat. Ang limang mga kaso ay nakitaan ng mga pagkakatulad at pagkakaiba sa iba't ibang mga tema sa bawat tanong.

**Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral**

Ang karanasan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat ay nakitaan ng limang mahahalagang tema: *Malikhain at Magkakaibang Estratehiya sa Pagtuturo; Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral; Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat; Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo; at Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap*. Ang pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat ay hindi lamang nakabatay sa paggamit ng iisang estratehiya bagkus iba't ibang estratehiya ng pagtuturo at pagkatuto. Mula rito ay mas nagiging makabuluhan ang karanasan ng bawat mag-aaral dahil sa pagiging maparaan at *flexible* ng guro sa paggamit ng iba't ibang estilo. Ang nabuong tema ay isang pahiwatig na ang pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat ay isang masalimuot ngunit makabuluhang proseso na humuhubog hindi lamang sa kasanayan ng mga mag-aaral maging sa propesyunal at personal na paglago ng guro.

Sa unang tema, ***Malikhain at Magkakaibang Estratehiya sa Pagtuturo***. nakitaan na ang mga kalahok ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa kanilang pagtuturo, pagpapagana sa imahinasyon ng mag-aaral at pagbibigay ng pidbak. Sa larangan ng edukasyon, mahalaga ang pagtuklas at paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral (Madaliday at Bangkulit, 2025). Lantad ito sa mga naratibo ng mga kalahok, ang pagsisikap ng bawat guro na maiangkla ang bawat aralin sa layunin at estratehiyang ginagamit.

Ang paggamit ng malikhain at magkaibang estratehiya sa pagtuturo, gaya ng mga kooperatibong pamamaraan ay nakapagpasigla sa interes at gana ng mag-aaral na makilahok. (Santos et al., 2021). Sa pamamagitan nito, higit na nauunawaan ang nilalaman ng aralin at nagkakaroon ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Mahalagang nakikilala ng guro ang bawat mag-aaral nang makapag-isip ng naaangkop na estratehiya ayon sa antas at pangangailangan ng mag-aaral. Ang pagtukoy sa interes at antas ng mag-aaral ay higit na nakatutulong sa pagkilala kung aling gawain ang naaangkop at mas epektibong gamitin.

Ang inklusibong pagtuturo ay nagpapalakas sa kakayahan ng mag-aaral na makisama sa iba't ibang kultura at antas ng kasanayan (Tolinson, 2020). Ang pamamaraang ito ay hindi lamang naglalayon na magkaroon ng pantay na oportunidad ang bawat mag-aaral sa klase nahahasa din nito ang maayos na pakikisama sa iba pang kamag-aral at mas napapalawig ang pananaw sa lipunan. Isa itong paraan upang ihanda ang bawat mag-aaral na maging bukas ang pag-iisip, responsable at nagagamit ang kakayahan hindi lamang sa pagsusulat maging malikhaing pamamaraan.

Hindi lamang nakatuon ang mga guro sa pag-iisip ng gagamiting estratehiya sa klase, binibigyang pagpapahalaga din nito ang pagbibigay ng real-time feedback sa bawat mag-aaral. Ang malinaw na gabay at pagplano ay nagpapataas ng kolaborasyon sa loob ng klase na nagbubunga ng mas mataas na antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral (Johnson at Johnson, 2019). Kung kaya ang bawat guro sa klase ay nagsusumikap na pukawin ang interes ng mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiyang hindi lamang pang-indibidwal maging pangkatan. Ang mag-aaral ay nakakukuha rin ng kaalaman mula sa kanilang kapwa mag-aaral.

Ipinapakita na ang mag-aaral na mahusay makipag-ugnayan ay mas nagiging masigla at makabuluhan ang kanilang pagkatuto sa mga gawaing pangklase (Dillenbourg, 2022). Sa tulong ng malikhain at magkakaibang estratehiya sa pagtuturo, higit na nahihikayat ang mga mag-aaral na makipagtulungan at magpahayag ng kanilang mga ideya. Ipinapakita dito na sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa ga mag-aaral na makilahok at makipag-ugnayan sa kanilang kapwa mag-aaral ay nakatutulong sa pagiging bukas nila sa pagbabahagi ng kanilang ideya at mas handang makinig gamit ang kolaboratibong paraan. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay nagdadagdagan ang kanilang kumpiyansa sa sarili, napauunlad ang kanilang pagsusuri at pagtanggap sa suhestiyon ng iba.

Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat ay hindi lamang nagbibigay pansin sa kung paano nalilinang ng mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, binibigyang tuon din nito ang aktibong partisipasyon sa klase nang mapataas ang interes na matuto. Mahalaga rin ang pagbibibay ng pidbak upang matulungan ang mag-aaral na malinang pa ang kanilang sulatin.

Ang ikalawang tema, ***Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral***. nakitaan na ang mga kalahok ay napansin na maraming kakulangan sa pundasyon sa pagsusulat ng mag-aaral kahit ang ilan sa mga ito ay nasa mataas na baitang na. Kung kaya, tungkulin ng guro na linangin ang kakayhayang mag-isip nang kritikal at praktikal upang maging epektibong guro sa klase (Adaya, 2022). Sa kabila ng mga hamon, mahalagang magamit ng guro ang kritikal na pag-iisip sa pagbuo ng mas naaangkop na pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo. Nakasalalay sa guro kung paano nito pamahalaan ang kaniyang klase at maging maparaan sa pagharap ng mga hamon.

Ang natukoy na pangunahing kaisipan sa ikalawang tema ay sinuportahan ng pananaliksik nina Jansen at Ngema (2024) kung saan lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang mga guro ay nakaranas ng suliranin sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat dahil sa limitadong eksposyur at kakulangan sa paggamit ng estratehiya. Kaugnay nito, pinagsusumikapang mapataas pa ang motibasyon ng mag-aaral sa paglinang ng kanilang kakayahang gumamit ng malikhaing kaisipan sa pagsulat. Ito

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ay pagpapahiwatig lamang na ang patuloy na pagsasanay at pagbabahagian ng ng mga makabagong estratehiya na nakatutulong sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat.

Binigyang diin sa resulta ng pananaliksik nina Edzgveradze et. al (2024) na sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat, mahalagang bigyang pansin ang paggamit ng malikhaing gawain bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng motibasyon at pagkakataong maipahayag ang kanilang kakayahang nakaangkla sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng malikhaing gawain ay hindi lamang nakapagpapaunlad ng kasanayan kundi nagsisilbing tulay upang malinang ang kritikal na pag-iisip, damdamin at kakayahang magpahayag.

Sa ikalawang tema na ang mga mag-aaral ay nahihiya o mayroong pangamba na magkamali lalo na sa gramatika, pagbaybay ng salita at pagpili ng termino. Isang hamon sa guro ang balanseng partisipasyon lalo na sa mga mag-aaral na mahiyain, hindi lahat ng mag-aaral ay may parehong antas ng kumpiyansa o kagustuhang makilahok sa mga gawain (Gillies & Boyle, 2022). Hindi maiiwasan na mayroong mga mag-aaral na mas pinipiling manatiling tahimik at umaasa na lamang sa kanilang kasamahan upang tapusin ang gawain. Kung kaya higit na kinakailangan ang paggabay ng guro sa pagtiyak na kung magkakaroon ng pangakatang gawain sa klase, ang bawat mag-aaral ay nakikilahok at nakapag-ambag.

Ang gawaing pagsulat ay hindi lamang basta nagsusulat hamon din dito ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng sulatin. Ang pagsulat ay nangangailangan na wasto ang gramatika, upang makapagbigay ng tamang impormasyon sa mambabasa at maunawaan ang mensahe. Kung kaya isang hamon para sa karamihang mag-aaral ang pagbuo ng pangungusap at sulatin (Heaton & Mickelson, 2022). Madalas, ang mga mag-aaral ay maayos na ideya at malikhain ang kanilang mga gawa subalit nagiging balakid nito ang kakulangan nila sa wastong gramatika.

Ang pagtuturo na may kaugnayan sa paghasa sa kasanayan ng pagsulat ay isang mahirap na kasanayan na nangangailangan nang mahusay na kasayan at angkop na paggabay at pagbibigay ng pidbak, kaya ang guro ay narapat na hindi minamaliit ang kakayahan ng mag-aaral (Akramovna, et al., 2020).

Ang ikatlong tema, ***Walang nakalaang silid-aralan***. nakitaan sa pangunahing kaisipan ng tema ang kakulangan ng permanenteng silid-aralan para sa asignatura, at ang madalas na pagharap sa ingay dahil sa hindi kumportableng paligid. Ang pagkakaroon ng hindi kaaya-ayang paligid ay nakapagpababa ng motibasyon ng mag-aaral na mag-isip at maging ganado sa pakikilahok sa klase (Winei, et. al., 2023). Hindi maikakaila na ang pagkakaroon ng hindi kaaya-ayang paligid ay nagiging hadlang sa motibasyon at kasiglahan ng mag-aaral upang matuto.

Kapag ang paligid ay hindi kaaya-aya, nagiging sagabal ito atensyon at nagdudulot ng kawalan ng interes ng mag-aaral na makapag-isip at sumulat. Subalit kapag ang paligid ay positibo, maayos ang mga silid, bukas at handang makinig ang bawat isa na makipagkomunikasyon ay mas nagiging kumportable at madaling napapagana ang isipan hindi lamang sa pagsusulat kundi sa pagiging malikhain nito. Ang pagkakaroon ng positibo at maayos na paligid na kumportable sa pagsusulat, ay maikukunsiderang mabuti hakbang para sa pagkakaroon ng maayos na ugnayan ng guro at mag-aaral (Dhanya at Alamelu, 2019).

Ang pagkakaroon ng angkop na pasilidad ay mahalaga upang maging epektibong silid ng pagkatuto, subalit ang kawalan ng nakalaang silid ay magiging suliranin upang maisakatuparan nang maayos ang gawain sa klase (Siswanto & Hidayati, 2020). Sa ganitong paraan, ang lunan ng pagkatuto ay hindi lamang natutugunan ang pisikal na pangangailangan sa pag-aaral, maging ang pagkakaroon din ng mas produktibong kapaligiran. Nauugnay din nito ang binanggit sa pag-aaral nina Ulpha at Achmad (2020) ang pagkakaroon ng pasilidad sa pag-aaral ay nakaiimpluwensiya sa kalidad ng edukasyon. Ang maraming kakulangan sa pasilidad ay magreresulta sa kakulangan ng kasanayan ng guro na makapagturo gamit ang teknolohiya, at iba pang kagamitan para sa mas interaktibo at makabuluhang pagtuturo.

Ang ikaapat na tema, ***Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo***. nakitaan sa pangunahing kaisipan ng tema ang kahalagahan ng pagpapahintulot sa mag-aaral na magpahayag ng sarili sa kanilang natatanging paraan at pagkakaroon ng hands-on at personalized na gabay mula sa guro. Ang pag-uugnay ng aralin sa kaalaman at karanasan ng mag-aaral ay nakapagpalalim sa pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkatuto (Dasenko, 2020). Sa ganitong paraan, nabubuo ang personal na koneksyon na pinaniniwalaang nakatutulong sa pagpapataas ng interes ng mag-aaral na matuto at makilahok sa klase. Kapag ang guro ay hinahayaang gumamit ang mag-aaral ng kanilang personal na karanasan bilang panimulang kaisipan at panghuhugutan ng kanilang sulatin mas nagiging makabuluhan at kanilang pagkatuto at pagtalakay sa paksang sinusulat dahil ito ay direktang nauugnay sa kanilang tunay na buhay.

Nagiging mas makabuluhan ang pagsusulat kapag binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na gamitin ang sariling karanasan at ugnayang panlipunan bilang batayan (Eodice, Geller & Lerner, 2019). Sa ginitong paraan, maaaring magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at damdamin sa paksang sinusulat. Higit nito, ang mga sulatin ng mag-aaral ay hindi lamang nakabatay sa gawaing pampaaralan maging nang repleksyon ng kanilang identidad bilang manunulat at pananaw sa buhay. Dito, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa bawat paksa na isinusulat, mas naisasabuhay ang mga ito dahil mas malapit sa damdamin, karanasan at buhay ng mag-aaral.

May mahalagang tungkulin ang guro sa paglinang ng mabuting ugnayan sa loob ng klase, sa pamamagitan ng mabuting ugnayan, magkakaroon ng bukas na komunikasyon at pagtutulungan sa bawat isa (Sybing, 2019). Kapag ang guro ay nakapagtatag ng tiwala at pagpaparamdam sa mag-aaral na bukas siya sa pagpapahayag ng damdamin, mas nagiging malaya ang mag-aaral na magpahayag ng kaniyang ideya, at karanasan sa pamamagitan ng pagsulat. Sa ganitong paraan, nababawasan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang takot o anumang pangamba na maaaring maramdaman ng mag-aaral na magkamali at mahusgahan mula sa mga pidbak o puna na manggagaling sa guro.

Habang ang guro ay mataas ang inaasahan sa awtput ng mga mag-aaral at sa kanilang pagkatuto, ang mga mag-aaral naman ay umaasa sa pagiging bihasa ng guro sa aralin, suporta galing sa kanila at pagiging balanse sa pagitan ng pagiging malikhain at pagbibigay ng kanilang puna (Abbas, et. al., 2020). Sa pamamagitan ng pagiging bukas at maalam ng guro, kasama ang pagtitiwala na binibigay sa mag-aaral ay nagkakaroon ng mas makabuluhang interaksiyon na nagtutulak upang mas linangin pa at pataasin ang kumpiyansa sa sarili at pagpapahalaga sa pagsusulat. Ibig sabihin, ang pagkakaroon ng balanseng ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral sa mga inaasahan at pagbibigay suporta ay nagbubunga ng mas masigla at makabuluhang karanasan sa pag-aaral ng asignaturang Malikhaing Pagsulat.

Ang ikalima at panghuling tema, ***Emosyonal na Katatagan at Propesyunal na Pangarap***. nakitaan sa pangunahing kaisipan ng tema ang kadalasang pagharap sa stress ng karamihan sa mga guro, ngunit sa kabila nito ay patuloy pa rin ang kanilang pasya na magpatuloy sa kabila ng pagod. Ang pagtuturo ay isang uri ng trabaho na mayroong mataas na lebel sa stress kumpara sa ibang propesyon (Jepson at Forrest, 2019). Itinutiring ng karamihan sa mga kalahok na ang pagtuturo ay isang misyon at bokasyon kung kaya lagi nitong hinahanap kung paano balansehin ang kanilang mga gawain nang mapanatili ang sigla sa pagtuturo. Ang pagiging balanse ay mahalaga nang hindi lamang maipaabot ang kaalaman sa bawat mag-aaral magsisilbi ring halimbawa ng kasipagan, at katatagan. Dahil sa pagpapatuloy ng guro, nagiging buhay at makabuluhan ang klase at nagpapatuloy ang pagbabahagian ng kaalaman.

Ang pagtaas ng lebel ng stress ng guro ay magiging madali para sa kaniya ang makaranas ng pagkadismaya, pagkabalisa, at kawalan ng sigla sa pagtuturo (Rupp, 2018). Sa ganitong sitwasyon, maaaring makaapekto sa emosyonal na estado ng guro na posibleng maging hadlang upang maging epektibo itong guro. Kung kaya, hindi lamang ang kalidad ng pagtuturo ang naaapektuhan maging ang ugnayan din nito sa mga mag-aaral, dahil sa negatibong emosyon ay maaaring magkaroon ng pag-aalinlangan ang mag-aaral na lumapit sa guro at maglahad o magtanong dito. Kawalan ng gana at motibasyon ng guro ay magreresulta din sa kawalan ng motibasyon ng mag-aaral na matuto. Kung kaya mahalagang mapanatili ng guro ang pagbalanse ng kaniyang emosyonal na aspekto at pamamahala sa oras gayundin pagbibigay ng panahon para sa sariling kapakanan nang mapanatili ang sigla sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral.

Mahalagang bigyang-pansin ang maayos na pamamahala sa tungkulin upang mapanatiling balanse ang emosyon at propesyon. (Kavita & Hassan, 2018). Sa pamamagitan ng disiplina, at masusing pamamahala sa oras at mga gawain, naiiwasan ng guro ang pagkaramdam ng labis na stress at napapanatili ang sigla at dedikasyon sa pagtuturo.
Ang mga kalahok din sa temang ito ay nakitaan ng kanilang paghahangad na masaksihan ang tagumpay ng kanilang mga mag-aaral at maging isang responsableng indibidwal. Sa kabila ng kahinaan at kalakasan ng mga guro, sa tulong ng pagkilala sa kanilang pananaw at kung paano nakaaapekto ang kanilang pagtuturo bilang tugon sa pagiging dibersidad ng mag-aaral (Moses et. al., 2017). Sa pamamagitan ng pagkilala sa sariling estilo at limitasyon mas nagiging bukas ang guro na magpatuloy na matuto at magturo gamit ang naaangkop na estratehiyang nakaangkla sa pangangailangan at interes ng bawat mag-aaral.

**Mga Paraan Upang Mapagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga Mag-aaral**

Sa mga hamon naharap ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat ay nalagpasan sa tulong ng iba't ibang kaparaanan ito ay nakitaan ng limang mahahalagang tema: *Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw; Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan; Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta; Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral Bilang Inspirasyon; at Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat*. Ipinapakita lamang sa nabuong mga tema na sa kabila ng iba't ibang hamon na natukoy ay maaaring maging malikhain at maparaan ang isang guro upang maisakatuparan ang kaniyang tungkulin sa pagtuturo. Gayundin ang kahalagahan ng patuloy na propesyonal na pag-unlad at suporta para sa pagpapalalim pa ng kasanayan sapagkat ang pagtuturo ay hindi lamang nakasentro sa kaalaman kaugat din nito ang dedikasyon, malasakit at pagiging maparaan bilang guro.

Ang unang temang nabuo ay ***Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw***. natukoy bilang pangunahing kaisipan na sa kabila ng mga hamon ang mga kalahok ay nananatiling bukas ang kanilang isipan at positibo sa disposisyon, itinuturing din nila ang mga hamon bilang oportunidad na matuto at umunlad. Ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay nagiging sanhi ngpagkabalisa ng guro at mag-aaral at maaaring makasagabal sa pag-abot ng layunin sa klase (Maffea, 2020). Dahil dito, madalas na hindi naaabot ang mga itinakdang layunin at kasanayan na inaasahang matamo ng mga mag-aaral dahil sa limitadong kagamitan. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pagtitibay ng loob at pagpapanatili ng positibong pananaw, nagiging posible na malampasan ang anumang suliranin na maaaring maharap at makamtan ang inaasahang kasanayan ng mag-aaral.

Bukod dito, ang kakulangan sa kagamitan ay may iba't ibang epekto sa mag-aaral na nagiging posibleng hadlang sa pagkatuto (Duncombe, 2020). Dahil sa kakulangan ng sapat na kagamitan, nagiging hadlang ito upang malayang makabuo ng ideya ang mag-aaral, aktibong lumahok sa klase, at iba pang gawaing pampagkatuto. Ang limitasyon sa kagamitan, ay hindi lamang pisikal na kakulangan kundi isa ring hadlang upang magkaroon ng makabuluhang karanasan ng mag-aaral sa pagkatuto at maging malikhain sa pagsusulat. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pagtitibay ng loob, at pagkakaroon ng positibong pananaw ay maaaring mapagtagumpayan ang anumang hamon at matamo ang edukasyon na nararapat na matamo ng mag-aaral.

Bagama't hindi man maiiwasan ang kakulangan sa pasilidad, kagamitan at iba pang pagkakataon na maaaring maiparanas sa mga guro at mag-aaral mahalaga pa ring ang guro sa klase ang mamahala bilang tagapanguna sa pagpapadaloy ng kaalaman,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kung hindi ang mga mag-aaral ay hindi ganap na matututong magbasa at sumulat sa malikhaing pamamaraan (Mudulia, 2022). Ang guro ang nagsisilbing gabay upang mailatag ang wastong pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo, ito rin ang humuhubog ng kapaligirang nagtataguyod ng pagiging malikhain at masining sa pag-iisip. Sa kabila ng mga kakulangan, dahil sa dedikasyon at pagiging maparaan ng guro na nagsisilbing tulay upang maibsan ang kakulangan sa mga kagamitan at iba pang pangangailangan sa klase. Sa ganitong paraan, nananatiling makabuluhan at mabisa ang pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa kabila ng mga hamon.

Ang ikalawang temang nabuo ay ***Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan***. Sa temang ito ay natukoy ang pagiging mapanglikha, maparaan at malikhain ng mga guro sa pagdiskarte kung paano nito pamahalaan ang kaniyang klase sa kabila ng kakulangan. Gumamit ito ng mga readily available na mga materyal, nagrecycle rin ng mga kagamitan na nauugnay sa paksa sa klase, at ginamit bilang adbentahe ang makabagong teknolohiya bilang kasangga sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral. mahalaga ang papel na ginagampanan ng guro sa paghubog ng kalidad ng edukasyon, sapagkat sa pamamagitan ng pagtugon at pakikisangkot ng guro nasusukat ang pag-unlad at pagkatuto (Gresinta at Tukiran, 2024). Sa kabila ng limitadong kagamitan, nagiging posible pa rin ang epektibong pagtuturo sa pamamagitan ng pagpapagana ng malikhaing pamamaraan.

Kaugnay nito, ang kakulangan sa mga pasilidad at mga kagamitan sa pagtuturo ay nagdudulot ng kahirapan sa mag-aaral (Kamba, et. al., 2019). Gayunpaman, sa pamamagitan ng malikhaing paggamit at maparaan ang guro sa paggamit ng anumang kagamitan na maaaring mapakinabanggan. Sa pananaliksik na isinagawa sa bansang Ghana kung saan ang mga guro at mag-aaral ang mismong gumagawa ng kanilang kagamitan na gagamitin sa klase dahilang ang kanilang pamahalaan ay hindi kayang tugunan ang kanilang pangangailangan (Yeboah et. al., 2020). Ipinakita sa pag-aaral ang pagkakaiba ng silid-aralan na sa pagganap ng mag-aaral ay ginagamit mismo at pinapamahaan ang kahalagahan ng kagamitan para sa mas interaktibo at makabuluhang daloy ng pagkatuto.

Dagdag pa nito, ang paggamit ng mga kalahok ng mga na-*recycle* na kagamitan sa pagtuturo ay isa ring pagkakataon para sa mga mag-aaral na mapagtanto ang kahalagahan ng pagreresikulo. Ang mga nairesikulong kagamitan para pampagtuturo ay nagpapataas ng kamalayan ng iba lalo na sa mga mag-aaral ang tungkol sa *zero-waste* at *recycling* bilang pagpapaalala sa kasalukuyang kabataan (Bulut, 2020). Sa ganitong pamamaraan, ang guro ay hindi lamang nagiging maparaan sa kaniyang aralin, natutulungan din nito ang kalikasan gayundin ang maipamulat sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito.

Ang ikatlong temang nabuo ay ***Patuloy na Propesyunal na Pag-unlad at Suporta***. Sa temang ito ay natukoy na higit na nakatulong para sa mga kalahok ang pagkakaroon ng pagkakataon na makadalo sa mga seminars, workshop at mga pagsasanay na may kaugnayan sa pagsusulat partikular na sa Malikhaing Pagsulat. Bagaman hindi lahat ng kalahok ay nabigyan ng pagkakataon na makadalo, nakatulong naman ng bahagya ang moral na suporta na natatanggap lagi mula sa mga kapwa guro sa paaralan. Ang *peer teaching*, pangkatang gawain at pagtanggap ng pidbak mula sa admin ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, dahil hinahasa nito ang kanilang kakayahang magpaliwanag at makipagtulungan sa iba, at pagpapalakas ng interaksiyon sa loob ng klase (Johnson at Johnson, 2020).

Nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpaliwanag at magturo, hindi lamang nakatutulong sa kanilang pang-unawa higit din na napapalalim ang kanilang pagtitiwala sa sariling kakayahan. Sa pangunahing kaisipan na natukoy sa tema, ang mga guro ay positibong tumatanggap ng pidbak mula sa mga mag-aaral at kapwa guro para sa pagpapabuti pa ng pamamaraan sa pagtuturo. Ang pagbabahagian ng ideya sa loob ng isang pangkat, institusyon o silid ay nakatutulong sa pagpapalakas ng kasanayang metakognitib ng mga mag-aaral (Clough, 2024).

Gayundin, ang guro ay hinihikayat dapat na dumalo sa mga pagsasanay, ang kaniyang paglago ay natatamo kung ito ay nakasentro sa pagdala sa iba't ibang mga programa tulad ng *service training, induction programmes, ICT training, workshop* at mga kumperensiya (Akpan & Ita, 2021). Sapagkat ang pagkatuto ay hindi natatapos at bilang guro kinakailangang magkaroon ng mga gawain at estratehiya na mas napapanahon at kayang umangkop sa interes ng bawat mag-aaral.

Ang propesyunal na pag-unlad ng guro ay nakatutulong ng malaki hindi lamang para sa kapanan ng kaniyang mga mag-aaral maging para sa kaniyang sarili mismo, kung kaya ang guro ay narapat na magsumikap na matuto, at madagdagan ang kaniyang kaalaman para mapagyaman ang isipan (Mumtaz, et. al., 2024). Sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat, mahalagang ang guro ay patuloy na nagsusuri, nagsasaliksik at nagdaragdag ng kaalaman at kasanayan na mailalapat sa pamamaraan ng pagtuturo. Ang patuloy na pagkatuto at pagsasanay ng guro ay nagiging tungtungang bato nito sa pagharap ng kaniyang mga mag-aaral.

Binanggit naman bilang resulta sa pag-aaral nina Abakah et al. (2022) ang pagkatuto ay nangyayari kapag ang pormal at impormal na karanasan ay nangyayari, kadalasan ang mga guro ay nakatuon lamang sa karaniwang pagsasanay na nilalahukan. Sa pamamagitan ng impormal na pagkatuto, nagkakaroon ng pagkakataon ang guro na matuto mula sa aktuwal na sitwasyon at malikhaing karanasan na maaaring hindi maituro sa mga tradisyonal na pagsasanay. Sa ganitong paraan, mas nagiging handa ang guro na bumuo at gumamit ng mas mabisang estratehiya sa pagtuturo na hindi lamang napapaunlad ang kaniyang kakayahan, nahihikayat din nito ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang imahinasyon, pagsusulat sa malikhaing paraan.

Ang ikaapat na temang nabuo ay ***Pagpapalakas ng Relasyon sa Mag-aaral Bilang Inspirasyon***. Sa temang ito ay natukoy na sa pamamagitan ng paggamit ng interes at progreso ng mag-aaral bilang pangunahing motibasyon ay mapapagaan nito ang

kahirapan at pagod dahil sa iba't ibang gawain. Sa temang ito ay mas pinapaigting din ang pagpapahalaga sa responsiblidad na hubugin ang bawat mag-aaral, ang kanilang malikot at malikhaing pag-iisip. Sa pag-aaral ni Koca (2020), ang mga mag-aaral ay higit na ganado kapag sila ay natututo, at napagtatantong natutulungan nila ang kanilang sarili na matuto. Ito ay isang indikasyon na ang guro ay tagagabay ng kaniyang mga mag-aaral at nagpapalakas ng loob na pataasin ang kumpiyansa nito sa kanilang mga sarili. Sapagkat hindi sa lahat ng pagkakataon nariyan ang guro, o kapwa mag-aaral upang samahan sila, mabuting matutuhan nila kung paano tumayo mula sa sarili mga paa.

Nauugnay dito ang lumabas din sa pag-aaral ni Davis (2019) ang positibong teacher-student relationships ay hakbang sa pagkakaroon ng silid na bukas sa pagbabahagi ng anumang opinyon at kaisipan, nagiging motibasyon ito na magtiwala sa sarili. Higit pa rito, ang ganitong ugnayan din ay lumilikha ng positibong paligid kung saan ang pakikipag-interaksiyon at kolaborasyon sa bawat isa ay mas makabuluhan sapagkat nakikita ng mag-aaral na pinapahalagahan ang kanilang ambag at ang bawat boses ay naririnig. Sa ganitong paraan, ang guro ay nagiging inspirasyon at katuwang sa paghubog ng tiwala, disiplina at kumpiyansa ng mag-aaral.

Ang paaralan ay mayroong pinakamalakas na impluwensiya sa mag-aaral kung paano ito makipag-ugnayan sa kaniyang kapwa at salik ang guro kung paano nito bibigyan ng pagpapahalaga ang kahalagahan ng ugnayan sa loob ng silid para sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mag-aaral (Gill et. al., 2022). Nangangahulugan lamang na ang pakikipag-ugnayan ng guro at mag-aaral ay hindi lamang nakalimita sa tuwing nagsasagawa ng talakayan sa klase, higit pa rito sa tuwing naglalahad ang mag-aaral ng kaniyang kaisipan sa pamamagitan ng pasulat na pamamaraan. Napapagana nito hindi lamang ang aktibong kaisipan at malikhaing pamamaraan sa pagsulat, maging ang pakiramdam ng pagtanggap at pagkilala sa gawa.

Ang ikalima at panghuling temang nabuo ay ***Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat***. Sa huling temang ay natukoy na ang mga kalahok ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa kanilang pagtuturo, kabilang na rito ang writing prompts, brainstorming, free writing, pagbibigay ng pidbak sa kapwa mag-aaral at pagbibigay ng kalayaan sa bawat isa na makapagpahayag. Sa pamamagitan ng pagsusulat nalilinang nito ang pagiging malikhain, imahinasyon at pang-unawa, kung kaya ang pagsulat ay isang proseso na nangangailangan ng malalimang pag-iisip upang organisahin ang ideya na isinusulat (Hyland, 2020).

Gaano man ka kumplikado ng gawaing pagsulat sa parte ng mag-aaral, tungkulin ng guro na maipaunawa at hasain ang kasanayan ng mag-aaral sa pagsusulat lalo na sa mga mag-aaral sa Malikhaing Pagsulat mula sa programang SPA. Inirerepresenta ng mga pagdulog ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral at ang sitwasyon mismo ng paksa at estratehiyang ginamit (Lavelle & Bushrow, 2020). Kung kaya narapat na pag-isipan ang anumang metodo at teknik na ilalapat sa bawat aralin. Ito ay nakaangkla dapat sa pangangailangat at pasok sa interes ng bawat mag-aaral.

Kinakailangang matukoy ng guro ang dulog na gagamitin sa klase at sa bawat sulatin, sapagkat hindi lahat ng pagdulog at estratehiya ay maaaring mailapat sa iba pang paksa sa iba't ibang kadahilanan (Selvaraj & Aziz, 2019). Sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat, mahalaga ang malinaw na pag-unawa ng guro kung kailan higit na mainam gamitin ang estratehiyang mas nakasentro sa mag-aaral bilang daan upang maipahayag nila ang kanilang kaisipan gamit ang malikhaing ideya. Ang pag-iba-iba sa estratehiyang gagamitin ay magsisilbing susi ng guro sa pagpapalawak ng kasanayan ng mag-aaral at malikhaing pagpapahayag.

**Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Karanasan at Pamamaraan Upang Mapagtagumpayan ang Hamon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na Mag-aaral**

*Malikhain at Magkakaibang Estratehiya sa Pagtuturo.* Ang unang tema ay kakikitaan na mayroong matibay na pagkakatulad ang lahat ng kalahok (A, B, C, D, at E) sa paggamit ng iba't ibang kumbinasyon ng pamamaraan na nakasentro sa mga mag-aaral tulad ng writing prompts, brainstorming, peer feedback at iba pa. Mahalagang matukoy ng guro ang antas ng bawat mag-aaral gayundin kung saan nakaangkla ang kanilang interes, minsan ang guro ay basta lamang gumagamit ng estratehiya, nakapokus lamang ito para sa mga *kinaesthetic, auditory* o gumagamit ng estratehiya sa gawain na nakapokus lamang sa pansariling kagustuhan ng guro (Killen & O'Toole, 2023). Sa ganitong sitwasyon ay maaaring maging hadlang sa iba pang mag-aaral na may ibang paraan ng pagkatuto kaya't hindi lubos na naipapakita ang potensyal sa pagsusulat. Kung ang guro ay maging mas maingat sa pagtukoy sa pangangailangan ng bawat mag-aaral mas magiging epektibo ang pagtuturo.

***Mga Hamon sa Kasanayan at Motibasyon ng Mag-aaral.*** Sa ikalawang tema, natukoy din na ang lahat ng kalahok (A, B, C, D, at E) ay parehong nakaranas ng mababang motibasyon at writing skill gaps ang ilan sa kanilang mga mag-aaral. Ang karaniwang problema ng mag-aaral sa pagsulat ay dahil sa iba't ibang mga salik, isang kadahilanan dito ang pagiging kumplikado ng kalikasan mismo ng pagsulat (Alfaki, 2020). Sa asignaturang Malikhaing Pagsulat, hindi lamang simpleng pagbuo ng pangungusap ang kinakailangan maging ang masusing paglalapat ng imahinasyon, lohika at emosyon upang makabuo ng makabuluhang sulatin. Bukod pa rito, nakadaragdag din ang kakulangan sa sapat na kasanayan sa gramatika at bokabularyo na nagiging dahilan upang hindi nito lubusang mailahad ang anumang nasa isipan.

Ang pagsulat ay kinukunsiderang isang patuloy na proseso ng pag-unlad, kung saan hinuhubog ang kakayahan ng mag-aaral na magpahayag ng kaisipan (Azizah & Budiman, 2020). Gayunpaman, nagiging suliranin ito sa pagpapanatali ng kasanayan at motibasyon upang maipahayag nang malinaw at maayos ang ideya. Sa pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat, mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral na ang unang ideya ay nagsisilbing binhi na kinailangang linangin sa pamamagitan ng masusing pag-iisip at rebisyon sa bawat sulatin. Sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagsusulat din, natututo ang mag-aaral na sumuri gamit ang kaniyang sarili kaisipan, at gamitin ito sa paghahanap ng pinakamainam na pamamaraan upang mapagana ang malikhaing pag-iisip.

*Papel ng Kapaligiran sa Pagsusulat.* Sa ikatlong tema, natukoy na tatlo sa kalahok (A, B, at E) ang magkatulad ng naging karanasan na walang permanenteng silid aralan at madalas silay ay nakikigamit lamang ng silid-aklatan o kahit saang bakanteng silid na maaaring pagdausan ng klase. Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagiging posible dahil sa kongkretong mga karanasan, kung kaya malaking tulong ang pagkakaroon ng pisikal na pasilidad sa pagkatuto ng mag-aaral (Leeper, et. al., 2021). Ang pagkakaroon ng pasilidad ay hindi lamang nagbibigay ng pisikal na suporta kundi nagiging daluyan din ng inspirasyon, at kolaborasyon bilang lunan kung saan isinasatitik ang anumang nasa isipan. Samakatuwid, ang pisikal na kapaligiran ay isa ring mahalagang katuwang ng guro sa pagbibigay ng kongkretong karanasan, kung saan hinuhubog ang kasanayan at malikhaing isipan ng bawat mag-aaral.

Natukoy naman sa tema ang pagkakaiba ng nabuong kaisipan ng kalahok C kung saan ang kanilang paaralan ay mayroong matatag na silid kasama ang iba't ibang kagamitang pampagtuturo. Ito ay taliwas sa paraan ng paglalarawan ng tatlong kalahok na mayroong kakulangan sa silid na nararanasan. Ang pagkakaroon ng kumportable at maaliwalas na paligid ay nakakaapekto sa gawaing pagganap ng mag-aaral sa klase (Lackney, 2021). Ang pagkakaroon ng maaliwalas na paligid, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na magpokus at makapag-isip ng mas malalim, napapagana rin ang imahinasyon at pagkamalikhain. Kung kaya bilang guro, mahalaga ang pagtiyak na ang silid-aralan ay nagbibigay ng komportableng silid kung saan malayang makapag-iisip ang bawat isa.

Naiiba rin ang kalahok D sa iba pang kalahok kung saan natukoy sa tema na ang silid ng kanilang klase ay mayroong istilo na nakaayos para sa worksyap at kolaborasyon, lantad ang mga upuang nakapabilog. Ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Nasir et. al (2021) na nagpapakita na ang kolaboratib na pagkatuto ay nagpapataas ng analitikal at kasanayan sa replektibong pag-iisip. Sa pamamagitan ng mga kolaboratibong gawain, ang mga mag-aaral ay natututong kumilatis hindi lamang ng sariling gawa maging sa sulatin din ng kapwa mag-aaral ay nalalaman nito kung paano suriin, nagiging daan din ito sa paglinang sa kakayahan para sa mas komprehensibong pagrebisa.

*Personal na Koneksyon at Natatanging Karanasan sa Pagtuturo.* Sa ikaapat na tema, natukoy na ang lahat ng kalahok (A, B, C, D, at E) ay parehong tumitingin sa sarili bilang gabay at inspirasyon hindi lamang tagapagturo. Ang guro ay mayroong mahalagang gampanin bilang tagahikayat sa mga mag-aaral na matuto at umunlad, gampanin ng guro na maging tagapag-obserba, magplano, tagapakinig, tagapagturo, tagasuri at maging modelo sa mga mag-aaral (Dowling, 2021). Ang guro bilang tagapanguna ng disiplina, sipag, at malikhaing sa pagsasatitik ng ideya. Ang guro ay hindi lamang tagapamahala ng kaalaman kundi isang katuwang sa paghulma ng bawat isipan at pumupukaw sa imahinasyon ng bawat mag-aaral.

*Emosyonal na Katatagan at Propesyonal na Pangarap.* Sa ikalimang tema, natukoy na ang lahat ng kalahok (A, B, C, D, at E) ay parehong nagpapatuloy sa kabila ng stress na nararamdaman dahil sa kanilang pagmamahal sa pagtuturo at para sa mga mag-aaral. Tinukoy sa pag-aaral nina Khan et. al (2022) na ang stress ay mayroong negatibong epekto sa paghubog sa moral, kalidad ng pagtuturo, at pangkalahatang kaganapan ng guro. Sa pagtuturo, ang labis na pagkaramdam ng stress ay maaaring dahilan ng pagbaba ng motibasyon, sa panghuling tema natukoy din na kahit pa man nakaranas ng stress ang mga kalahok ay patuloy pa rin ito dahil sa kanilang pagmamalasakit at pagmamahal sa tungkulin.

*Pagtitibay ng Loob at Positibong Pananaw.* Ang unang tema para sa ikalawang kaso tungkol sa paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon, natukoy na apat sa mga kalahok (A, C, D, at E) ay humaharap sa hamon nang may optimismo, pagtitiyaga, at malikhaing paglutas ng problema. Sa bansang Netherlands, tinukoy na isa mula sa limang guro ang nakararanas ng burnout, ang mga guro rin ay naitalang mayroong pinakamaraming workload kumpara sa iba pang propesyon (Van Veldhoven, 2018). Ang pagharap sa bigat dahil sa maraming gawain ay nakaaapekto sa pisikal at emosyonal na aspekto ng guro, ngunit sa kabila nito ang apat na kalahok ng pag-aaral na ito ay natukoy sa tema na nanatili itong matatag at positibong hinarap ang iba't ibang mga hamon.

Naiiba naman ang kalahok B sa iba pang mga kalahok kung saan hinarap nito ang hamon na pagdepende sa paggamit ng wikang Filipino at Ingles upang ma-accomodate ang mga mag-aaral ngunit binibigyang diin ang panlabas na pakikipagtulungan. Dito hindi lamang ang hamon mula sa iba't ibang gawain ang hinarap kung hindi ang suliranin sa paggamit mismo ng wika bilang panturo. Nabanggit sa pag-aaral nina Harmsen et. al (2018) na isang salik ang wika para sa lubos na pang-unawa ng mag-aaral bilang instrumento na nagpapadaloy ng impormasyon.

*Malikhaing Paggamit ng Limitadong Kagamitan.* Ang ikalawang tema para sa ikalawang kaso tungkol sa paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon, natukoy na apat sa mga kalahok (A, C, D, at E) ay parehong gumagamit ng mga improbisadong kagamitan o nire-recylce na materyal, online na sanggunian at malikhaing pag-aangkop ng mga magagamit na kagamitan. Ang paggamit ng improbisadong kagamitan at materyal sa pagtuturo ay natutulong sa pagpapabuti ng gawain at interes ng mag-aaral at guro (Umezinwa & Ngozi, 2018). Ang mga nairesikulong materyal ay hindi lamang nagsisilbing alternatibo, ito rin ay nagsisilbing instrumento bilang kagamitan sa mas makabuluhang pagkatuto at mataas na antas sa pakikilahok.

Ang kalahok B naman ay natukoy na sa tema na naiiba dahil hindi ang pagresikulo ng mga kagamitan ang kaniyang naging sandalan sa pagtuturo kung hindi ang pag-asa niya sa mga digital na kagamitan. Lumabas naman sa resulta ng isinagawang pag-aaral nina Amhag et. al (2019) na ang mga gurong gumagamit ng digital tools ay kinakailangang matukoy

ang pedagohikal na halaga na halaga nito sa pagtuturo sa pagsiguro na nauugnay ito sa aralin. Gayunpaman, kailangang manatiling kritikal ang guro sa pagpili ng mga tool na gagamitin upang hindi mawala ang pangunahing layunin ng asignatura, bilang katuwang sa pagtuturo at pagkatuto.

*Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at Suporta.* Ang ikatlong tema para sa ikalawang kaso tungkol sa paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon, natukoy na tatlo sa mga kalahok (B, C, at D) ay parehong nabibigyan ng pagkakataon na makadalo sa mga seminar, workshop, at peer feedback bilang bahagi ng paglag. Kinakailangan ang tuloy-tuloy na professional development sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar at workshop upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo (Madaliday & Bangkulit, 2025). Dagdag pa nito, natutulungan ang guro na madagdagan ang kaalaman sa paggamit ng ibang estratehiya sa makabagong pamamaraan, sapagkat mahalagang ang mga gawain ng guro ay makabago at laging nauugnay sa pangkasalukuyan para sa mas mabilis na pag-ugnay ng mag-aaral.

Taliwas naman ang lumabas na resulta sa tema ang naging karanasan ng kalahok A kung saan limitado lamang ang oportunidad na kaniyang natatanggap tulad ng mga pagsasanay, sa kanilang paaralan ay hindi lahat ay nagkakaroon ng prebelehiyo na makadalo. Nanatiling limitado ang pagkakataon ng ilan sa mga guro na makalahok sa mga pagsasanay, ang pagsuporta sa pampropesyunal na pag-unlad ay nanatiling limitado sa kabila ng kahalagahan nito sa paglago ng guro (Recker-Hughes et. al., 2020). Hindi rin nalalayo dito ang lumabas na resulta sa tema ng kalahok E kung saan nakatanggap ito ng moral na suporta at nakaranas din ng ilang pagsasanay sa paaralan subalit nanatili itong limitado dahil mayroon itong kaukulang bilang ng kalahok na maaaring makadalo.

*Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat.* Ang ikalimang tema para sa ikalawang kaso tungkol sa paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon, natukoy ang lahat ng kalahok (A, B, C, D, at E) ay parehong gumagamit ng student-centered approach bilang pamamaraan sa pagtuturo. Tinalakay sa resulta ng pag-aaral nina Beausaert et. al (2023) ang paggamit ng student-centered approach bilang mabisang estratehiya sa pagkilala sa mag-aaral, napapalaim din nito ang pag-unawa sa aralin. Dagdag pa nagbibigay diin din ito sa aktibong partisipasyon at pangangailangan ng bawat mag-aaral sa halip ma nakasentro lamang sa guro ang pagtalakay. Nagkakaroon ng pagkakataon ang bawat mag-aaral na makipaghalubilo sa kapwa mag-aaral at napapalalim ang pag-unawa sa aralin.

**Implikasyon para sa Edukasyonal na Pagsasanay**

Ang resulta ng pag-aaral na ito kaugnay sa estratehiya sa pagtuturo ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat sa mga Special Program in the Arts na mga mag-aaral, kalakip ang mga hamon na naharap at ang mga ginamit na kaparaanan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo.

Una, ang paggamit ng malikhain at iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nagsisilbing mahalagang gabay para sa mga guro sa malikhaing pagsulat. Ipinapakita ng mga tema na ang pagtuturo ay hindi dapat nakapako sa iisang pamamaraan lamang, bagkus ay kinakailangang isaalang-alang ang iba't ibang paraan upang matugunan ang magkakaibang antas ng kasanayan at interes ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, mahalagang kilalanin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral tulad ng kakulangan sa motibasyon o kakayahan, at tugunan ito sa pamamagitan ng estratehiyang makapupukaw sa kanilang atensyon at magpapalalim sa kanilang pag-unawa.

Pangalawa, ang pagkakaroon ng kapaligiran na komportable at maayos na ugnayan ng guro sa pagtuturo bilang may malaking impluwensya sa pagkatuto. Isang maaliwalas at kumportableng kapaligiran ang nakatutulong upang mas maging malaya ang mag-aaral sa pagpapahayag ng ideya, kahit na limitado ang kagamitan.

Ang malikhaing paggamit ng mga ito ay nakapagpapalakas pa rin sa proseso ng pagkatuto. Gayundin, ang personal na koneksyon at pagbabahagi ng natatanging karanasan ng guro ay nagiging inspirasyon at modelo para sa mag-aaral, na higit na nagiging makabuluhan kapag naipadama ng guro ang pagiging huwaran hindi lamang sa kaalaman kundi pati na rin sa pananaw at pagharap sa mga hamon.

Mahalaga rin na magkaroon ng propesyonal na pag-unlad at emosyonal na katatagan bilang guro kung saan ito ang magsisilbing susi sa pagpapanatili ng kalidad ng pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Ang pagtitibay ng loob at positibong pananaw ay nakatutulong upang malampasan ang stress at bigat ng trabaho, habang ang patuloy na pagdalo sa mga seminar, workshop, at pagsasanay ay nagpapalawak ng kaalaman at kasanayan. Sa huli, nagiging mas epektibo ang pagtuturo kung nakaugat sa pagpapalakas ng relasyon sa mag-aaral, dahil dito nagmumula ang inspirasyon at tiwala na kinakailangan sa paghubog ng kanilang kakayahan sa malikhaing pagsulat. Ang mga ito ang nagtataguyod at nagpapanatili para sa kabuoang paglago ng bawat guro at mga mag-aaral.

## SANGGUNIAN

1. *Abakah, E., Widin, J., & Ameyaw, E. K. (2022). Continuing professional development (CPD) practices among basic school teachers in the central region of ghana. SAGE Open, 12(2), 1-14. https://doi.org/10.1177/21582440221094597 http://psycnet.apa.org/record/2006-13099-000*
2. *Abbas, A., Arrona-Palacios, A., Haruna, H., & Alvarez-Sosa, D. (2020, October). Elements of students' expectation towards teacher-student research collaboration in higher education. In 2020 IEEE Frontiers in Education Conference (FIE), pp. 1-5. IEEE, 2020.*
3. *Adams, C. R., Barrio Minton, C. A., Hightower, J., & Blount, A. J. (2022). A systematic approach to multiple case study design in professional counseling and counselor education. Journal of Counselor Preparation and Supervision, 15(2).*
4. *Adaya, J. (2022). Ang malikhaing pagsulat sa klasrum o kung paano pagaganahin ang haraya sa pagtuturo: ilang mungkahing pedagohikal. Journal of Literature Educators Association of the Philippines, Inc. Polytechnic University of the Philippines.*
5. *Afaki, I. M. (2015). University students' english writing problems: diagnosis and remedy. International Journal of English Language*

Teaching, 3(3), 40-52.
6. Akramovna, M. S., Alimovn, T.A., & Djurakulovna, F. N. (2020). Difficulties in teaching writing skill. International Journal on Integrated Education, 3(12), 453-457.
7. Akpan, C. P. & Ita, A. A. (2021). Teacher professional development quality universal basic education in lagos state. Nigeria Global Journal of Arts, Humanities and Social Sciences (3)9, 65-76.
8. Al-Manaseer, A.M., & Omari, H. (2024). Assessing the use of creative writing strategies in english language teaching in jordan: challenges and teacher-proposed solutions from their point of view. Dirasat Educational Sciences 51(2): 96-116
9. Ali, N. (2022). Oriental Institute teaching creative writing skills to us students of URDO Medium: Challenges and concerns. Journal of the Oriental Institute. M.S. University of Baroda.
10. Ali, A., Javed, M., Shabbir, G. (2017). Assessing ESL students' literal reorganization and inferential reading comprehension. Journal of Educational Research, Dept. of Education, IUB, Pakistan, Vol. 20 No. 2), 45-53.
11. Amhag, L., Hellstrom, L., & Martin, M. (2019). Teacher educators' use of digital tools and needs for digital competence in higher education. Journal of Digital Learning in Teacher Education, 35(4), 203-220.
12. Arcayera, R. A. A. (2025). Sayaw, likha, sining at kultura (SA-LIK-SIK): Status participation of special program in the arts and design track students in curricular and co-curricular activities towards improving learning and innovation skills (4Cs). https://www.researchgate.net/publication/389676233.
13. Armea, A. P., Castro, M.P., Llamado, M.N., Lotino, R. B., San Esteban, A. A., & Ocampo, D. M. (2022). English profeciency and literary competence of english major students: predictor for effective language and literature teaching. Online Submission, 12(1), 141-151. https://eric.ed.gov/?id=ED620161
14. Ayua, G. A. (2017). Effective teaching strategies. Optometric Education, 20(1), 19-20. https://di.org/10.13140/RG.2.2.34147.09765
15. Azizah, U. A., & Budiman, A. (2020). Challenges in writing academic papers for international publication among indonesian graduates' students. Universitas Sebelas Maret, Indonesia. Journal of English Education and Linguistics Studies.
16. Bai, B. (2018). Understanding primary school students' use of self -regulated writing strategies through think-a-loud protocols. Systems, 78, 15-26. https://doi.org/10.1016/j.system.2018.07.003
17. Baradillo, I. J. B. (2025). Paggalugad sa karanasan ng mga mag-aaral sa akademikong pananaliksik: pokus sa pagsasalin. EPRA International Journal of Multidiscipinary Research (IJMR)- Peer Reviewed Journal
18. Bataller, J.M.B., Benavente, R.D., Cayabyab, J.C., Ibarra, M.M.S., & Ocampo, D.M. (2024). Creative expression and writing proficiency of junior high school students in special program in the arts class. Journal of Language and Linguistics in Society. ISSN: 2815-0961, vol(4).
19. Bauer, Benkstein, Pitterl, & Koury (2023). Gifted students: recommendations for teachers. http://www.education.udel.edu/wp-content/uploads/2013/01/giftedstudents.pdf.
20. Beausaert, S. A. J., Segers, M. S. R., & Wiltink, D. P. A. (2023). The influence of teachers' teaching approaches on students' learning approaches: the student perspective. Taylor & Francis Online Research Educational Research.
21. Bernales, R. A., Bermudez, A. B., & Melchor, F. A. (2013). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
22. Brannan, J. (2020). Bisa ng wikang filipino at ingles sa sabjek na araling panlipunan sa mga pampribadong paaralan ng Dumaguete City. Sapat na angkop na wikang gamitin sa pagtuturo ng mga asignatura sa higit na pagkatuto ng mga mag-aaral:Isang Pagsusuri
23. Braun, V., & Clarke, V. (2021). Thematic analysis: A practical guide. SAGE Publications
24. Brilliantes, M. F. (2022). Evaluation of the special program in the arts (SPA) curriculum. Basis for Program Enhancement. International Journal of Research Publication and Reviews, 3(12), 1910-1914. https://doi.org/10.55248/gengpi.2022.31258.
25. Bulut, A. (2020). Teacher opinions about children's awareness of zero-waste and recycling in the pre-school education years. Review of International Geographical Education Online 10, no. 3 (2020): 351-372.
26. Cabigao, J. R. (2021). School based assessment framework version 2.0 (The New Normal). International Journal of Multidisciplinary Research Review. Volume 5. 106-108. https://www.researchgate.net/publication/349463546_school-based_assessment_framework_version_20_the_new_normal
27. Cannel, C., Silvia, A., McLachlan, K., Othman, S., Morphett, A., Maheepala, V., McCosh, C., Simic, N., & Behrend, M. B. (2023). Developing research-writer identity and well-being in a doctoral writing group. Journal of Further and Higher Education, 47(8), 1106-1123. https://doi.org/10.1080/0309877X.2023.2217411
28. Caulfield, F. (2019). Qualitativ research in cardiology, (Doctoral dissertation, University Bourgogne Franche-Comte).
29. Cerda, M. (2016). Talinghaga at tanaga: Modyul para sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat na angkop sa grade 11 at 12. Katipunan Journal, 1, 1-7. https://journals.ateneo.edu/ojs/katipunan.
30. Clarke, V., Braun, V., & Hayfield, N. (2015). Qualitative psychology guide to research methods.
31. Clough, C. (2024). Discussion-based instructional methods. In Effective Teaching (pp. 217-234). Routledge.
32. Cordovilla, M.R. & Berlin, L.M.V.D. (2023). Views of special program in the arts students towards the effectiveness of the 2022-2023 curriculum. Editorial Board, 62.
33. Cogoco, O.P. Jr. (2024). The alternative learning system beneficiaries in their english language journey within the confines of a jail: a multiple case study.
34. Cordovilla, M. R., Berdin, M. V. D., & Landeza, J. (2023). Views of special program in the arts students towards the effectiveness of the 2022-2023 curriculum. University of Santo Tomas-Legazpi, Rawis, Legaspi City, Albay.
35. Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches
36. Creswell, J. W., & Poth, C.N. (2017). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications
37. Creswell, J. W. & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications
38. Creswell, J. W. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.
39. Crossman, A. (2020). An overview of qualitative research methods. Direct observation, interviews, participation, immersion, focus groups. Thought Co.
40. Dasenko, B. (2020). Engaging students through connection to individual experience: using personal connection to increase student competencies. In Challenges and Opportunities in Global Approaches to Education (pp. 223-224). IGI Global.
41. De Juan (2025). Ang mga estratehiya sa pagtuturo ng wika at ang pamamaraang komunikatib sa pagtuturo ng wika. https://filipinotek.wordpress.com/2025/03/29/ang-mga-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*estratehiya-sa-pagtuturo-ng-wika-at-ang-pamamaraang-komunikatib-sa-pagtuturo-ng-wika/*

42. *De Laza, C. & Batnag, A. (2016). Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik: batayang kagamitang pampagtuturo. Rex Bookstore Publishing. Manila, Philippines.*
43. *Denzin, N. K., & Lincoln, Y. S. (2018). The SAGE handbook of qualitative research (5th ed.). SAGE Publications*
44. *Denzin, N. K. (2017). The research act: A theoretical introduction to socioogical methods (4th ed.). Routledge.*
45. *Department of Science and Technology – Philippine Health Research Ethics Board (2007). DOST Administrative Order 2007-001.*
46. *Devault, G. (2019). Taking points for convincing clients of data credibility. The Balance Small Business. https://www.thebalancesmb.com/establishing-trustworthiness-in-qualitative-research-2297042*
47. *Dillenbourg, P. (2022). Learning analytics beyond traditional classrooms: addressing the tensions of cognitive and meta-cognitive goals in excercise sessions*
48. *Diqduiqin, J., Mobo, F., & Cutillas, A. (2021). Evaluating the effectiveness of professional development programs for junior high school mathematics teachers in improving mathematics instruction in the K to 12 Curriculum in the Philippines. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(4), 1143-1153. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.04.12*
49. *Dionisio, M. (2025). Malikhaing pamamaraan ng pagtuturo sa klasrum pangwika at panitikan sa panahon ng pandemya. La Consolacion University Philippines.*
50. *Dhanya, M., & Alamelu, C. (2019). Factors influencing the acquisition of writing skills. International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering, 8(7), 259-263.*
51. *Dlamini, S. B., Govender, S., & Mhlongo, H. (2024). Teaching strategies for improving creative writing in English first additional language. Journal of Educational and Social Research, 14(4).*
52. *Dowling, M. (2021). Education 3 to 5: a teachers' handbook. London: N11 LA, Paul Chapman Publishing Ltd. 144 Liverpool Road, 108-120.*
53. *Duncombe, C. (2020). Unequal opportunities: fewer resources, worse outcomes for students in schools with concentrated property.*
54. *Edzgveradze, L., Kartsivadze, A., & Gegenava, M. (2024). Challenges and benefits of creative writing. Akaki Tsereteli State University. Kutaisi, Georgia. International Scientific Conference Education, Research and Practice. https://doi.org/10.52340/erp.2024.05.13*
55. *Ellis, P. (2022). Understanding research for nursing students.*
56. *Eliserio, U. Z., Rodriguez, R. J. M., Torralba, E. S., & Torralba, J. E. C. (2016). Malikhaing pagsulat para sa senior high school. C&E Publishing Inc.*
57. *Ernalida, E., Oktarina, S., & Turama, R. (2021). Analysis of teacher needs related to e-learning schoology content in creative writing in middle schools throughout Palembang city: English Review: Journal of English Education, 9(2), 277-284.*
58. *Eodice, M., Geller, A. E., & Lerner, N. (2019). The power of personal connection for undergraduate student writers. Research in the Teaching of English, 53(4), 320-339.*
59. *Fernandez, M. (2022). Evaluation of arts-based performance task in hybrid classes. JPAIR Institutional Research, 19(1), 130-151. https://doi.org/10.7719/irj.v19i1.840*
60. *Flick, U. (2018). An introduction to qualitative research (6th ed.). SAGE Publications*
61. *Fong, C.J. (2022). Academic motivation in a pandemic context: a conceptual review of prominent theories and an integrative model. Taylor & Francis, 42(10), 1204-1222. https://doi.org/10.1080/01443410.2022.2026891*
62. *Galkin, V. I. & Suvorova, A. S. (2023). Development of a statistical model for predicting the confirmability of the amplitudes of structures prepared from the deposits of the middle carboniferous in the perm region. Bulletin of the Tomsk Polytechnic University Geo Assets Engineering 334(8): 129-136.*
63. *Georgiou, D., Mok, S.Y., Fischer, F., Vermunt, J.D., & Seidel, T. (2020). Evidence-based practice in teacher education: The mediating role of self-efficacy beliefs and practical knowledge. Frontiers in Education 5 (12). https://doi.org/10.3389/feduc.2020.559192.*
64. *Gill, M. G., Ashton, P., & Algina, J. (2022). Authoritative schools: a test of a model to resolve the school effectiveness debate. Contemporary Educational Psychology, p. 389-409.*
65. *Graham, S. (2019). Changing how writing is taught. Review of research in education 43(1): 277-303. https://doi.org/10.1080/00461520.2021.1951734*
66. *Gillies, R.M., & Boyle, M. (2022). Teachers' reflections on cooperative learning: issues of implementation. Teaching and teacher education, 26(4), 933-940.*
67. *Gresinta, E., & Tukiran, M. (2024). Literature review: teacher innovativeness in learning in the digital era. Jakarta, Indonesia. International Journal of Social and Management Studies e-ISSN: 22775-0809.*
68. *Guiritan, L. M. L. (2016). The artistic interest, learning styles and prefered english teaching strategies of the student in the special program in the arts.*
69. *Hall, A.H., Gao, Q., & Hirsch, S. (2021). Encouraging shifts in preservice teachers' beliefs about writing and plans for future instruction. Early Childhood Education Journal 49(1): 61-70. https://doi.org/10.1007/s10643-020-01048-2.*
70. *Harmsen, R., Helms-Lorenz, M., Maulana, R., &Van Veen, K. (2018). The relationship between beginning teachers' stress causes stress responses, teaching behaviour and attrition. Teachers and Teaching, 24(6), 626-643.*
71. *Heaton, R.M. & Mickelson, W. T. (2022). The learning and teaching of statistical investigation in teaching and teacher education. Journal of Mathematics Teacher Education, 5(1), 35-59.*
72. *Hunziker, S., & Blankenagel, M. (2021). Multiple research design. Research Design in Business and Management, pp.171-186.*
73. *Hyland, K. (2020). Teaching and researching writing. London: Routledge*
74. *Jansen, J.M.A. (2024). Influence of teacher beliefs on employing EBT (Evidence-Based Teaching) in creative writing lessons. Africa Education Review. https://doi.org/10.1080/18146627.2024.2390600*
75. *Jansen, J.M.A. & Ngema, M. (2024). Challenges experienced by teachers in implementing the creative writing curriculum. University of South Africa, Pretoria, South Africa. Reading & Writing. On-line version ISSN 2308-1422 Print version ISSN 2079-8245*
76. *Jepson, E., & Forrest, S. (2019). Individual contributory factors in teaching stress: the role of achievement striving and occupational commitment. British Journal of Educational Psychology, 76(1), 183-197.*
77. *Johnson, M. (2020). Inclusive education in the arts: challenges practices and experiences in Lithuania-by Edita Musneckiene. Etenjournal. https://etenjournal.com/2020/10/06/inclusive-education-in-the-arts-challenges-practices-and-experiences-in-lithuania-by-editamusneckiene/*
78. *Johnson, D. W., & Johnson, R. T. (2019). Cooperative learning: improving university instruction by basing practice on validated theory. Journal on Excellence in University Teaching, 25(4), 85-*

118.
79. Kamba, A. H., Libata, I. A., & Usman, A. (2019). Lack of availability of science teaching facilities on students teaching and learning science in some selected secondary schools in Kebbi State. Journal of Advances in Education and Philosophy, J Adv Educ Philos, 3(7), 1.
80. Kavita, K. & Hassan, N. C. (2018). Work stress among teachers: A comparison between primary and secondary school teachers. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development 7, no. 4(2018): 60-66.
81. Khan, A., Shah, I. M., Khan, S., & Gul, S. (2022). Teachers' stress performance & resources. International Review of Social Sciences and Humanities, 2(2), 10-23.
82. Killen, R., & O'Toole, M. (2023). Effective teaching strategies 8e. Cengage AU.
83. Koca, F. (2020). Motivation to learn and teacher-student relationship. Journal of International Education and Leadership.
84. Lackney, J. A. (2021). Assessing school facilities for learning/ assessing the impact of the physical environment on the educational process: Integrating theoretical issues with practical concerns.
85. Ladao, R., & Ong, C. (2025). Exploring the role of peer and self-assessment in creative writing: Implications for classroom instruction. International Journal for Multidisciplinary Research (IJMR)
86. Lagata, M. C.J., & Marbella, F. D. (2024). Kasanayan sa pagsulat na Filipino ng mga guro sa junior high school sa pampublikong paaralan sa lungsod ng Sorsogon. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(7), 127-141.
87. Lavelle, E., & Bushrow, K. (2020). Writing approaches of graduate students. Educational Psychology. 27(6): 807-822.
88. Lecario, R.E., & Pawilen, G.T. (2015) Implementation of the special program in the arts curriculum in a public secondary school. Alipato: A Journal of Basic Education, 6.
89. Leeper, S. H., Skipper, D. S., & Witherspoon, R. L. (2021). Good schools for young children: a guide for working with three, four, and five year old children. London: The Macmillan Company. s
90. Lestari, R., Astuti, B., Bhakti, C. P. (2020). A comprehensive teacher strategy for successful online learning process. International Journal on Education Insight, 1(1), https://doi.org/10.12928/ijei.v1i1.2064
91. Lincoln, Y. S., & Guba, E.G. (1985). Naturalistic inquiry. Sage. https://doi.org/10.1016/0147-1767(85)90062-8
92. Lucas, B., & Spencer, E. (2017). Teaching creative thinking: developing learners who generate ideas and can think critically (Pedagogy for a Changing World Series). Crown House Publishing Ltd.
93. Madaliday, S. C. & Bangkulit, N. E. (2025). Cooperative strategies in the lens of filipino teacher educators: an appreciative inquiry study. Isulan Sultan Kudarat. International Journal of Arts, Sciences and Education, Volume 5 Special Issue
94. Maffea, J. (2020). Lack of resources in classrooms. Kutztown University. Research Commons at Kutztown University.
Maligalig, A. L., & Carada, I. (2021). Cloze passage sa pagtuturo ng filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Laguna State Polytechnic University.
Mason, T.M., Tofhagen, C.S., Szalacha, L.A., & Buck, H.G. (2022). Quality of life of older adults with complicated grief: A thematic analysis. Death studies, 46(6), 1424-1432.
Mas'amah, Koriatin, S. N., Mascita, D. E., & Gloriani, Y. (2024). Narrative poetry writing skills through fantasy imagination strategies: efforts to improve students' creative ideas. International Journal of Literature Studies 4(3): 61-73
95. Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2016). Qualitative research: A guide to design and implementation (4th ed.). Jossey-Bass.
96. Miles, M.B., Huberman, A.M., & Saldana, J. (2014). Qualitative data analysis. A methods sourcebook. Sage, London. Scientific Research Publishing.
97. Miles, M. B., Huberman, A. M., & Saldana, J. (2020). Qualitative data analysis. A methods sourcebook. SAGE Publications
98. Moses,I., Berry, A., Saab, N., & Admiraal, W. (2017). Who wants to become a teacher? Typology of student-teachers' commitment to teaching. Journal of Education for Teaching 43(4), 444-457.
99. Mudulia, A. M. (2022). The relationship between availability of teaching/learning resources and performance in secondary school science subjects in Eldoret Municipality, Kenya. Journal of Emerging Trends in Educational Research and Policy Studies 3(4), 530-536.